# *MGA PAMUMUHUNAN*

Salamat, nang marami. Tunay na itinuturing ko itong isa sa pinakatampok na pangyayari sa buhay ko, ang makaparito sa dakilang siyudad na ito ng New York, ang makapangusap sa sangay rito, o sa mga sangay rito po, pala, ang mabigyan ng pagkakataong maupo sa entablado kasama ng mga kapatid ko sa pagmi-ministeryo, at ang makapagsalita sa mga kalalakihan at kababaihan ng pagnenegosyo sa siyudad na ito, tungkol sa ating Panginoong Jesus Cristo. Walang duda na marami sa inyo ang nakakakilala na sa Kanya, base sa ikinilos n'yo ngayong umaga, na nagagalak at nagpupuri sa Kanya dahil sa Kanyang kabutihan at kahahabagan.

2 Ang pakiramdam ko nga po rito'y napakaliit ko, na tatayo rito kasama nitong tanyag na mga tagapagsalita at tatayo rito at mangungusap sa mga tagapakinig dito, dahil di naman ako mahusay na tagapagsalita, lagi ko ngang sinasabing reserbang gulong lang ako. Alam n'yo 'yan, ginagamit lang ang reserbang gulong kapag impis na ang gulong n'yo; pero wala naman tayo ritong impis na gulong, pero binigyan nga nila ng pagkakataon na gumulong lang ang reserbang gulong nang ilang minuto, sa palagay ko.

3 Binubulay ko, sa kaluluwa ko, kani-kanina lang, at sa isip ko, ang tungkol sa . . . ang tungkol sa pamumunga ng bunga ng Espiritu, habang binabanggit ng isa sa mga kapatid na lalaki rito ang talatang 'yun tungkol sa, "pamumunga." Alam n'yo hindi tayo puwedeng mag-imbento lang ng bunga. Kailangan nating ipamunga ang bunga. Kita n'yo, hindi nag-iimbento ng lana ang isang tupa; kundi may lana na talaga siya, at 'yung lana na 'yun ay inilalabas niya, kaya siya isang tupa. Yun ang dahilan at nakakapagpalabas siya ng lana. Sa ganoong paraan din lang tayo magiging mga Cristiano, at hindi nga 'yung kesyo taglay-taglay natin 'yung pangalan, o pilit nating palalabasin ang isang bagay, para mag-imbento lang. Sa pagiging tupa, talagang may ilalabas kayong lana. Sa pagiging Cristiano rin, talagang mamumunga kayo ng bunga. Ganoon 'yun.

4 At sa pagkakaupo natin dito ngayong umaga, batid kong limitado lang ang oras natin sa mga pagtitipong gaya nito.

5 Isa ngang dahilan kung bakit naparito kami sa New York sa panahong ito, ikinalulungkot ko po na hindi ako nakadalo sa malaking gawain na 'yun. Hindi kami nagkaintindihan ng isa kong malapit na kaibigan, nung sabihin niyang, "Maaari ka bang magsalita sa malaking gawain doon sa New York?" si G. Williams po. Nakatira ako sa Tucson, Arizona; nakatira naman siya sa Phoenix, Arizona, mga nasa sandaan at dalawampung

milya lang ang layo. At sabi ko, "Sige, ako'y—ako'y sasadya sa Nobyembre, ikinagagalak kong gawin 'yan," para makipagkita na rin kina Kapatid na Nelson, Kapatid na Sweet, at sa mga kaibigan ko roon. At wala akong kamalay-malay na, Oktubre na pala. At 'yung Oktubreng 'yun sa Alaska ang lakad ko, kaya medyo malayo-layo rin ako sa New York nung panahong 'yun.

6 Pero kinuha ko pa rin ang pagkakataong ito na makaparito ngayon kasama sina Kapatid na Vick ng Rock Church, at mga ministro, at may dinadaos nga kami sa Marc Auditorium, kung saan nagtatamasa kami ng napakainam na panahon ngayong sanlinggong ito, dahil nakikita namin ang Kaharian ng Diyos sa kalagitnaan namin. Lubos kaming nagagalak dahil dun. At maging ang pagparito namin sa oras na ito sa umagang ito, na marahil ang mga kalalakihan, mga kalalakihan at kababaihan ng pagnenegosyo na mula sa iba't ibang katayuan sa buhay, na nakaupo rito; Methodist, Baptist, Presbyterian, Katoliko, at iba pa.

7 Naalala ko tuloy dahil diyan 'yung mga taon na lumipas, nung sa rantso pa ako noon ng mga baka nagtratrabaho sa may Colorado. Ako noon. . .dinadala namin 'yung mga baka. May Hereford Association na nagpapastol doon sa—sa lambak na 'yun, at Troublesome River Hereford Association ang tawag dun. Yung maliit naming rantso ay nasa unahan lang nung ilog. At sa banda namin 'yung East at West Fork, at 'yung East Fork ang pinagpapastulan namin. At pagsapit ng tagsibol ng taon, dinadala namin 'yung mga baka mula sa pastulan, at dun sa Arapaho Forest namin sila inilalagay, kung saan nagpapastol ang Asosasyon.

8 Ngayon, isa nga 'yung Hereford Association. Maraming tao ang kasapi dun, sa Asosasyon na 'yun, na nag-aalaga ng mga bakang Hereford. At kung 'yung rantso n'yo ay nasa dalawang tonelada ng dayami ang kayang patubuin, papayagan kayo, ng hero, na maglagay ng baka sa pastulang 'yun para sa tag-init, para tumubo 'yung mga dayami n'yo na pinatutubigan, at 'yun ang maipakain sa buong taglamig.

9 Ngayon kapag tinitipon na namin 'yung mga baka para sa tagsibol, at dinadala namin sila sa pastulan, may pangharang na bakod nga kami roon. Yung bakod na 'yun ang nagsisilbing harang para hindi mapadpad 'yung mga baka sa—sa pribadong lupa, at sa lupa lang ng gobyerno manatili. At may rantsero nga na laging nakapuwesto sa pangharang na bakod na 'yun, at binabantayan niya 'yung mga baka habang dumadaan sila dun. Buweno, maraming klase ng hero ang dumadaan doon sa—sa bukasan na 'yun, o maliit na bakod.

10 At doon nga, buweno, si G. Grimes ay isa sa mga bigating rantsero dun, 'yung sa kanya dun ay 'yung tinatawag nilang Diamond Bar. Nasa ilang libong ulo rin ng baka ang mayroon

siya. At may Turkey Track, at Lazy K, at maraming iba't iba ang taas-baba sa dakong 'yun. Lahat sila pumapasok.

11 Nasubukan ko nang tumayo dun nang maraming beses na rin, o maupo, pala, sakay sa isang kabayo, habang nakataas ang binti ko sa ibabaw nung perilya nung angkasan, at masdan 'yung rantsero habang tinitingnan niya 'yung mga bakang 'yun na nagdaraan. At ang katangi-tanging bagay nga, ay hindi niya pinagtutuunan ng pansin 'yung mga herong nakatatak sa baka. Di niya pansin. Ang kailangan lang kasi'y mga Hereford dapat silang lahat dahil kung hindi'y hindi sila makakapasok dun. At ang tanging bagay nga na pinagtutuunan niya ng pansin, ay kung Hereford ba ang isang 'yun o hindi; at hindi 'yung kung anong hero ang nakatatak sa kanila. May etiketang tandaan ng dugo na nakakabit sa tainga nila, na nagpapakitang Hereford nga sila.

12 At naisip ko nga, na magiging ganun 'yun sa—sa malaking pagtitipun-tipon sa dakilang pagpasok sa Kaharian ng Diyos. Hindi Niya papansinin 'yung hero, maski Methodist ka man, Baptist, Presbyterian. Mangyaring 'yung etiketa ng Dugo ang titingnan Niya. Kaya naman, kinakailangan nating lahat na taglayin 'yung etiketa ng Dugo, "Sapagkat pagka Aking nakita ang Dugo, ay lalampasan Ko kayo." Pinipilit ng tao na gawing edukado ang mga tao para makapasok kay Jesus Cristo; pilit nating dinadaan sa pagtuturo sa kanila para makapasok sila. Subalit may isang daan lamang ang Diyos, at 'yun ay sa ilalim ng Dugo, 'yan ang bagay na magkakapareho tayo.

13 Kamakailan lang, may isang pamilya na maghihiwalay na. At sinabihan sila ng abogado na maiging upuan na nila't hatiin na 'yung ari-arian nila bago magkabisa 'yung hiwalayan, dahil walang matitira kung mailagay na 'yun sa pangangalaga nung mga abogado. Mangyari ngang personal na kaibigan nung mag-asawa 'yung abogado. At kaya pumasok na sila sa isang silid, sa may sala, 'yung mag-asawang lalaki't babae, at pinaghatian na nila 'yung mga naroon, at talagang pinag-aawayan pa nila 'yung mga gamit na naroon. At dun sa katabing silid, aba'y pinag-awayan nila uli. Tapos nung bandang huli ay umakyat na sila sa attic, sa pinakataas, nakakita sila ng isang baul doon sa itaas, at pinaghahatian na nila 'yung mga bagay na naroon; dadampot 'yung isa at kukuha, "At akin *'yan*! At akin *ito*!"

14 At di naglaon habang patuloy sila sa pagdampot ng mga bagay sa loob nun, ay may isang bagay silang nadampot nang sabay. At nung damputin na nila 'yun, nahawakan nila 'yung kamay ng isa't isa. At sa ilalim nung mga kamay na 'yun ay may isang pares ng maliliit na sapatos ng sanggol, na naging bunga ng kanilang pagsasama, at 'yung mumunting sanggol na 'yun ay pinauwi na ng Diyos sa Tahanan. Di nila masabi na sa kanila lang 'yun na mag-isa, 'pagkat silang dalawa ang may-ari nun. Isang bagay 'yun na parehong sila ang may-

ari. At sa mga sandaling 'yun, napasulyap sila sa mukha ng isa't isa, at di naglaon natagpuan nilang muli ang isa't isa sa kanilang mga bisig. At 'yung hiwalayan ay di na nabigyang bisa, pinakansela na nila, dahil may bagay silang natagpuan na pagkakapareho nila.

15 Sa palagay ko 'yun dapat ang matagpuan natin. Yang isang bagay na 'yan. Maaari kasing hindi tayo magkasundo na tayo'y maging Methodist lahat, o Baptist, o Pentecostal, o anupaman, subalit may isang bagay tayo na may pagkakapareho tayo; si Jesus Cristo, Siya ang pagkakapareho natin.

16 May nagtanong sa akin, minsan, sabi, "Bakit ka sumasama-sama sa mga Full Gospel Business Men? Hindi ba't isa ka namang mangangaral."

Sabi ko, "Buweno, isa akong negosyante."

Sabi, "Isang negosyante?"

Sabi ko, "Tama, ginoo, isa—isa nga akong negosyante."

Sabi, "Ano namang negosyo ang pinagkaka-abalahan mo?"

Sabi ko, "Eternal Life assurance."

17 Hindi ko sinabing *insurance*. Ang sinabi ko, "assurance." Kung sinuman sa inyo ang interesado sa garantiya na 'yan, ako nga'y nagagalak na pag-usapan ang bagay na ito kasama n'yo, pagkatapos na pagkatapos ng pagtitipong ito.

18 Naalala ko tuloy nung nagi-eskuwela pa ako, nung bata pa ako, may naging kaibigan ako, isa siyang mabuting kaibigan, isang ahente ng insurance. At hayan nga't, hindi ko naman minamasama ang insurance, na 'yan, pero wala lang talaga ako n'yang insurance na 'yan dito sa lupa. Kaya naman kamakailan lang, itong binata. . . Yung kapatid niyang lalaki'y ministrong Baptist, din, at nakakapagsulat siya ng mga artikulo dun sa *Upper*. . . para sa *Upper Room*. At bumisita siya sa bahay ko, at sabi niya, "Buweno, Billy, lubos akong nagagalak na nagawa kong makipagkita sa iyo muli."

Sabi ko, "Maupo ka, Wilmer."

19 Nag-usap na kami. At alam ko nga kung anong sadya niya. May kapatid akong nag-aahente ng insurance, pero hindi lang talaga ako kumukuha ng ganun, siyanga. Kaya sabi niya, nung matagal-tagal na kaming nag-uusap, sabi niya, "Sa pagkaka-unawa ko, Billy, wala ka pang insurance," sabi niya, "at naisip kong talakayin marahil sa iyo ang tungkol sa isang insurance. At. . . "

20 "Oh," sabi ko, "salamat, Wilmer, pero mayroon na ako nitong—nitong insurance na bayad na nga."

21 At sabi niya, "Oh, pasensya ka na," sabi niya, "anong klase naman 'yang insurance na mayroon ka, Billy?"

At sabi ko, "Eternal Life."

22 At sa maniwala kayo't hindi, sabi nung lalaki, "Sa palagay ko hindi ko pa naririnig 'yang Kompanyang 'yan." Sabi, "Saan ba ang punong tanggapan n'yan?"

Sabi ko, "Sa Kaluwalhatian."

"Oh," sabi niya.

Sabi ko:

> Isa itong pinagpalang katiyakan, na si Jesus ang tangan!
> Oh, damang-dama ngayon pa lamang Banal na kaluwalhatian!
> Ako'y tagapagmana ng kaligtasan, sa Diyos mayroon nang katubusan,
> Sa Kanyang Espiritu ay isinilang, sa Kanyang Dugo ay hinugasan.

23 "Oh," sabi niya, "napakainam nga n'yan, Billy, pero hindi ka naman n'yan mailalagay dito sa libingan."

24 "Pero," sabi ko, "mailalabas naman ako nito." Hindi ko inaalala 'yung mailagay dun. Oo. Amen. Hindi ko inaalala 'yun. Yung, mailabas dun.

25 Kaya naman labis akong—akong nagagalak na taglay ko na itong katiyakang ito na makakalabas ako dun. Sapagkat, Siya Na gumawa nitong garantiya na ito, para makalabas tayong lahat, ay natanggap ko na ang katiyakang 'yun sa puso ko, na lumipat na ako sa Buhay mula sa kamatayan. At alam ko nga, na balang araw, ay ilalabas Niya ako dun.

26 Ngayon bago tayo dumako sa Salita, nais kong iyuko natin ang ating mga ulo at makipag-usap sa May-Akda, nang ilang sandali, kung mamarapatin n'yo.

27 At habang nakayuko ang ating mga ulo't nakapikit ang mga mata n'yo, heto ngang umaasa akong ang ating mga puso ay nakayuko, rin naman, sa Kanyang Presensya. Iniisip ko, sa oras na ito, kung mayroon kayang sinuman dito na hindi pa pinanghahawakan nang mainam ang katiyakan ng pagkabuhay na mag-uli, nakatago pa rin sa kaha de yero sa loob ng inyong puso, ngayong umaga, at nais n'yong maisama sa panalangin? Maaari po ba, na huwag n'yong tingnan ang sinuman, inyo lang ngang itaas ang inyong mga kamay, at sabihin, "Isama mo ako, kapatid." Salamat, salamat. Pagpalain kayo ng Panginoon. Dose-dosenang mga kamay ang nagsipagtaas habang dadako na tayo sa pananalangin.

28 Diyos na Lubos na Mapagbiyaya, Walang Hanggang Ama ng aming Panginoong Jesus Cristo, Na nagbangon sa Kanya sa ikatlong araw pagkatapos ng Kanyang pagkakapako sa krus, para sa aming pag-aaring ganap, Siya nga'y ipinakilala sa amin sa anyo ng Banal na Espiritu na sa mga oras na ito'y dumarating sa dakong ito bilang pagpapala sa aming mga puso

at nagmiministeryo sa amin ng mga bagay na kailangan namin sa paglalakbay sa buhay na ito.

29 Napagtatanto ko't nakikita ang mga kamay na ito na nagsipagtaas, Panginoon, may malaking pangangailangan nga sa gitna namin, ngayong umaga. At dumadalangin ako, Diyos, na hindi Mo hahayaan na may isa sa mga narito na lalabas na di man lang nakakamit ang katiyakang ito, na nasa ilalim na ng Dugo ang mga kasalanan nila, at sila'y naipanganak nang muli, at natatakan na sa Kaharian ng Diyos, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ipagkaloob Mo po ito, Ama.

30 Pagpalain Mo po kami kung gayon habang pinakikinggan namin ang Iyong Salita. Batid naming ang Iyong Salita ay Katotohanan, at wala nang iba pang Katotohanan sa labas Nito. At dumadalangin po kami, Ama, na maging realidad ang Iyong Salita sa amin, sa araw na ito. Sapagkat nasusulat, "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa gitna natin. Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman!"

31 At sinabi rin Niya sa amin na ang "mga gawa" na ginawa Niya, ay gagawin din naman namin, sapagkat ang Kanyang Buhay ay sumasa amin. At idinadalangin namin, Ama, na ito'y magiging maliwanag na kaunawaan sa aming lahat, ngayong umaga. At kung ipapahayag nga namin ngayong umaga na si Shakespeare ang sumasa amin, batid naming ang gagawin nga namin ay mga gawa niya, lilikha kami ng mga tula. Kung ang mga gawa, o ang buhay, ang ibig kong sabihin, ni Beethoven ang sasaamin, kami'y magiging Beethoven, kami'y lilikha nga ng mga awitin. Subalit kung ang ipapahayag namin ay nasa amin ang Buhay ni Jesus Cristo, Buhay na Walang Hanggan, kung ganoon ang Buhay na 'yan mismo ang magpapatotoo na kami nga'y ganun. At gaya nga ng ipinangusap nung kapatid na lalaki patungkol sa—patungkol sa "pamumunga," batid nga naming ang Buhay ni Cristo na sumasa amin ay mamumunga ng patunay na Siya nga'y nasa aming talaga. Kaya idinadalangin naming ipagkakaloob Mo po ang karanasang 'yan sa bawat isa sa amin, sa umaga na ito, habang kami'y naghihintay.

32 Sa pagbubukas nga ng Iyong Salita, di namin Ito kayang buksan. Maaari naming buklatin ang pahina at basahin 'yun, pero tanging ang Espiritu Santo lamang ang maaaring kumuha sa Salita at ibaha-bahagi Ito sa aming mga puso nang naaayon sa pangangailangan namin. At may pagpapakumbaba kaming magpupuri sa Iyo, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus, na Iyong sinisintang Anak. Amen.

33 Nais kong inyong, kung may Biblia po kayo; at kadalasan po, ang ipinupunta nga ng mga tao sa gawain, ay mapakinggan 'yung babasahin nung ministro. Sapagkat, tunay namang, ang Salita ng Diyos ay Katotohanan. Wala nang ibang katotohanan

ang maaaring humalili Rito. Ang kabuoan Nito'y Katotohanan. Ang Salita ay Diyos, Diyos Ito sa anyong letra.

34 Ang Diyos nga'y hahatulan itong sanlibutan balang araw sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Alam natin 'yan.

35 Hindi Niya maaaring hatulan ito sa pamamagitan ng isang iglesya. Kung ganun, sasabihin ng Romano Katoliko, "Kanyang hahatulan ito sa pamamagitan ng iglesya namin," kung ganun ay paano naman 'yung Griyego Katoliko? Sasabihin nga nung Methodist, "hahatulan ito sa pamamagitan ng iglesya namin," kung ganun ay paano na n'yan 'yung Baptist? Kaya nakita n'yo napakaraming pagkakaiba.

36 Kinakailangan nga ng isang pamantayan. At kung si Jesus Cristo ang Salita, kung ganun ay Kanyang hahatulan ito sa pamamagitan ng Salita. Kaya anuman ang sabihin ng Diyos sa Kanyang Salita, sa pamamagitan nun tayo dapat mamuhay. "Hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos."

37 Bumuklat tayo ngayon sa San Marcos, sa ika-10 kabanata, magbasa tayo ng isang bahagi ng Kasulatan.

38 At habang bumubuklat kayo, nais kong imbitahan kayo sa may bulwagan. Pero nakakalungkot ngang makita 'yun kagabi, nung pasakay na ako ng taksi, o pababa na nung taksi, pala, para pumaroon na sa pulpito. Nasa daan-daan talaga ang nasa kalsada't naglalakad, marami sa kanila ang umiiyak, dahil di na sila pinayagan pang makapasok sa may bulwagan. Wala na kasing mapaglalagyan. Ipinagpapaumanhin po namin na hindi kami nakahanap ng mas malaki-laking lugar. Pero umaasa nga kami, na balang araw, kung may pagkakataon na magkita-kita uli tayo. . .kung wala naman na, magkikita na lang tayo dun sa kabilang ibayo ng hangganan, dun na sa kabilang ibayo.

39 Ngayon sa ika-17 talata ng ika-10 kabanata, simulan natin sa ika-17, para may munting teksto tayo, na kukuhanan. . .na hahanguan natin ng pinaka aral ng konteksto, na umaasa tayo na ipagkakaloob sa atin ng Diyos.

> *At nang siya* ay. . .*umalis na lumalakad sa daan, ay may isang tumakbong lumapit sa kaniya, at* lumuhod *sa harap niya,*. . .*siya'y* tinanong, *Mabuting Guro, ano ang gagawin ko upang ako'y magmana ng buhay na walang hanggan?*
>
> . . .*sinabi sa kaniya ni Jesus, Bakit tinatawag mo akong mabuti? walang mabuti kundi—kundi isa lamang, kundi, ang Dios.*
>
> *Nalalaman mo ang mga utos, Huwag kang mangalunya, Huwag kang pumatay, Huwag kang magnakaw, Huwag kang sumaksi sa di katotohanan,*

*Huwag kang magdaya, Igalang mo ang iyong ama at ang* iyong *ina.*

*At sinabi niya sa kaniya, Guro, ang lahat ng mga bagay na ito'y aking ginanap mula sa aking kabataan.*

*At pagtitig sa kaniya ni Jesus ay giniliw siya, at sinabi sa kaniya, Isang bagay ang kulang sa iyo: yumaon ka, ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik, at ibigay mo sa dukha, at magkakaroon ka ng* mga kayamanan *sa langit: at pumarito ka, pasanin mo ang krus, sumunod ka sa akin.*

*Datapuwa't siya'y nahapis* sa *sabing ito, at siya'y yumaong namamanglaw: sapagka't siya'y isang may maraming mga pagaari.*

40 Nais kong pansinin n'yo ang binatang ito, mangyari ngang hindi naman siya isang ateista. Isang mananampalataya pa nga siya marahil. Miyembro ng iglesya. At nais ko pong mangusap ngayong umaga, sa sumusunod na ilang mga minuto, hindi ko alam kung gaanong kahaba ang itatagal nito, pero nais kong mangusap sa inyo tungkol sa ilang mga Kasulatan na nailista ko rito sa paksa ng: *Mga Pamumuhunan.*

41 Naniniwala nga ako na kahit sinong negosyante'y tiyak na interesado pagdating sa ilang magandang pamumuhunan. At nangungusap tayo, sa tingin ko, sa mga negosyante ng dakila't, tanyag na siyudad na ito, ng New York. At kahit sino nga na mamumuhunan sa isang bagay na makakatulong sa kanya, ay tiyak na interesado siya rito. Ngayon marami nga tayong sari-saring mga pamumuhunan. Pero ito ngang pamumuhunan na inaalok ko ngayong umagang ito. . . Siguro'y may magaganda na kayong pamumuhunan, pero ito na ang pinakamainam na maaari kayong mamuhunan. Ako, gaya nga ng nabanggit ko kanina, isa akong ahente ng Buhay na Walang Hanggan.

42 Hindi masasabing maganda sa pagnenegosyo ang sumugal, magbaka-sakali. Yung. . . 'yung kapatid nga nating lalaki rito binabanggit niya rito kani-kanina lang, 'yung tungkol sa, kung saan-saan siya noon nagpupupunta't sumusugal. Ang tawag, nga dun ay pagbabaka-sakali. Hindi gawain ng isang mahusay na negosyanteng nasa tamang pag-iisip ang ganun. Hindi niya talaga gagawin ang ganun, kahit anong mangyari. Pagsugal kasi ang tawag dun. Maaari ka—ka ngang malugi, nang isang iglap, kung—kung papasok ka sa ganun.

43 At gayundin na ang isang mahusay na negosyanteng tama, o mahusay na negosyanteng nasa tamang pag-iisip, hinding-hindi siya mamumuhunan sa mga "biglang yaman na 'yan," ng kung anong kompanya na hindi pa nasusubok ang tatag, para mamuhunan. Hindi, hindi niya gagawin 'yun, kapag mahusay na negosyanteng may tamang pag-iisip, na sa tingin ko naman ay ganun kayong klaseng kalalakihan, at kababaihan.

44 Itong "biglang yaman na 'yan." May kaibigan nga ako nung araw na iniimpok niya sa isang bangko ang lahat ng naitabi niyang pera sa mahabang panahon, na lumalago naman kahit paano nang paunti-unti, tapos may lumapit sa kanya na may mas mabilis daw na paraan para lumago. Alam n'yo, lagi na nating naririnig, 'yang tungkol sa pagpapabilis na 'yan ng kung anu-ano. Punung-puno ang sanlibutan ng mga bagay na ito; sa patalastas, sa telebisyon, radyo, pahayagan. At di nga masisisi na naloloko ng mga 'yan ang mga mamamayan ng Amerika!

45 Dito medyo matagal-tagal na rin, pinapakinggan ko 'yung patalastas ng isang—isang—isang babae, o 'yung sinasabi niya dun sa—sa radyo. Nakasakay ako noon sa kotse ko, may lakad ako noon, at sabi nila, "Gamitin n'yo ang mahusay na sabong panghugas na ito ng pinagkainan," parang ganun, "hindi n'yo na kailangan pang kuskusin ang hugasan. Ilagay n'yo lang ang mga hugasan, at buhusan 'yun ng kaunti at alug-alugin nang taas-baba; at wala nang kuskusan, wala nang banlawan, wala nang tuyo-tuyo, wala nang kahit ano." At isa nga raw 'yun sa pinaka kamangha-manghang bagay na kaloob ng siyensiya sa atin.

46 At katatapos lang nun, aba'y 'yung sumunod na patalastas, ay, "Huwag n'yong gamitin ang mga bagong sabong panghugas na ito. Pagmasdan n'yo ang mga kamay ni nanay, diba't ang gaganda. Lalapnusin lang nito ang mga kamay n'yo. Kaya... magkaroon ng magagandang kamay tulad ni nanay, at kaya huwag n'yong gamitin 'yung bagong sabong panghugas."

47 At mangyaring nakatira ako noon sa Jeffersonville, nung mga panahong 'yun, kung saan nandun din ang naglalakihang pabrika ng Colgate Palmolive Peet, at iisang kompanya lang ang gumawa nung dalawang produktong 'yun. Kita n'yo? Kita n'yo? Isang—isang panloloko nga. At napakaraming ganun sa sanlibutan ngayon!

48 At sasabihin ko ito nang may pagpipitagan at paggalang, at sana'y hindi naman parang namumusong ang dating ko nito, pero 'yan na nga't ang ganun ding bagay na 'yun ay nakapasok na sa gawain sa iglesya. Wala nang ibang daan na mabilis ang Diyos. Iyong babayaran talaga ang halaga. Ang kailangan mo'y lumapit at kunin ang paraan na inilaan sa atin ng Diyos.

49 Yang "biglang yaman na 'yan," mamuhunan ka sa ganyan, at, wala kang kamalay-malay, 'yung lalaki ngang 'yun naubos ang lahat ng impok niya. Padalos-dalos 'yung ganung klaseng negosyo. Hindi pinag-isipang maigi o nasa tamang pag-iisip ang pumasok sa ganung negosyo, na hindi malaman kung saan ba nanggaling.

50 At hindi rin naman magandang pagnenegosyo 'yung itatago mo na lang 'yung kung anong mayroon ka, sa iyong bulsa, dahil ang dapat sana'y palaguin mo ito. Naaalala pa ba n'yo 'yung

panahong mangusap ang Panginoon natin tungkol dun sa mga talento?

51 Kulang ang panahon para isa-isahin ko ’yung lahat na ’yun sa inyo, pero umaasa akong nakukuha n’yo ang ibig kong—kong sabihin, binibigay ko ’yung halimbawa, para maiparating ko ’yung puntong nais kong iparating sa inyo.

52 Ngayon nalaman nga natin na, kung itatago n’yo ang salapi n’yo sa bulsa, maaari nga itong makuha ng mga magnanakaw. At hindi natin gusto ’yung ganun, dahil walang kasiguraduhan sa ganun, na itatago n’yo na lang ang salapi n’yo sa bulsa n’yo. Puwede mo kasing mawala ’yun, at puwede nga ring, makuha ’yun ng iba sa inyo.

53 At huwag na huwag n’yo ring ilagay ’yun sa isang walang kabuluhang pamumuhunan. Bagkus mamuhunan kayo sa isang mabuti’t matatag na kompanyang subok na’t garantisado na talaga kayong kikita. Ngayon siyempre dapat ganun ang isipin n’yo, kayong mga kalalakihan at kababaihan sa negosyo. Kung hindi kayo kikita, may pag-aagam kayo sa ganun. Pero kung subok na kikita talaga, at maaasahan, kung ganun ay doon nga kayo mamuhunan. Maaari n’yong ilagay ang lahat ng mayroon kayo sa ganun, dahil subok na ito, ganap nang napatunayan, na kikita roon.

54 At ito ngang binatang pinuno, o binatang negosyante, gaya ng itatawag ko sa kanya. Itong binatang negosyante ng siyudad ay nagkaroon ng pagkakataong makapamuhunan sa isa sa mga pinakadakila’t may kasiguraduhang bagay sa buong mundo. May pagkakataon sana siyang tanggapin ang—ang garantiyang ’yun, gaya ng itatawag natin dito, ng Buhay na Walang Hanggan. Subalit hindi siya naging interesado sa garantiyang ’yun, dahil ang kapalit nun ay tila ba inaalis ang mga bagay na gusto niya. Pero ’yun nga ang punto dun.

55 Ngayon, batid nga ng binatang ito na may bagay na kulang sa kanya. Gayong lubos nating (niyang) nauunawaan na may—may respetado siyang ama, respetadong ina, at may karanasan na sa iglesya, na kaanib siya sa iglesya, dahil itinanong na nga ’yun sa kanya ni Jesus, “Tuparin mo ang mga Utos. Igalang mo ang iyong ama’t ina. Huwag kang papatay, mangangalunya,” at maging ang lahat nitong mabubuting mga asal na itinuturo ng iglesya. Pero matapos nun ay sinabi sa kanya ni Jesus, “Isang bagay ang kulang sa iyo.”

56 Tunay ngang hindi niya, hindi niya tinanong si Jesus, “Ano ang gagawin ko para makaanib ako sa Iyong iglesya? Ano ba ’yung dapat kong gawin, para maging—maging miyembro ako?” Ang sinabi nga niya’y, “Anong gagawin ko upang magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan?” Gayong, miyembro na siya ng isang panrelihiyong katawan, pero ang binatang ito’y sapat ang

kaisipan na malaman na ang kulang niya'y Buhay na Walang Hanggan.

57 At may iisang anyo lamang ng Buhay na Walang Hanggan. Yan ang pinagsusumikapan natin. At napagkalooban nga siya ng pagkakataon para matanggap Ito, nung kanyang hingin sa pagtatanong, dahil nasusulat din naman, "Kayo'y magsihingi at kayo'y tatanggap."

58 At inilatag na Ito sa harapan niya, subalit siya sa kanyang kamangmangan ay tumanggi dahil napakalaki ng kapalit. At bilang isang Cristiano, at umiikot sa buong mundo, nakikita ko ang gayunding pagnanais sa puso ng napakaraming mga tao ngayon. Pero gaya nga ng sinasabi-sabi noon ng maybahay ko, "Gusto mong kainin 'yung keyk mo, tapos itago, rin." Hindi mo—mo puwedeng pagsabayin 'yun.

59 Hinding-hindi mo puwedeng panghawakan 'yung pag-ibig ng sanlibutan, at 'yung sa Diyos, nang sabay. "Sapagkat hindi ninyo maiibig ang Diyos, at ang kayamanan," 'yun ngang, "sanlibutan. At kung iniibig ninyo ang sanlibutan, o ang mga bagay ng sanlibutan, wala sa inyo ang pag-ibig ng Ama."

60 Pero napakaraming tao na gustung-gusto nilang sabihin, "Kaanib naman ako sa *ganito*." Pero hindi kasi 'yun ang punto. Hindi 'yung garantiyang 'yun ang tinutukoy ko, sa umagang ito.

61 Yung Buhay na Walang Hanggan, 'yung magpakailanmang Buhay! At anupaman 'yan na Walang Hanggan, ay hindi nga nagkaroon ng pasimula, kaya naman hindi rin ito maaaring magwakas. Walang pasimula ang Walang Hanggan. At kaya naman ang tanging paraan lang para maging Walang Hanggan kayo, ay tanggapin ang Buhay na Walang Hanggan. At nag-iisa lamang 'yan na Walang Hanggan, at 'yun ang Diyos. Hindi 'yun maidadaan sa pakikianib sa isang iglesya, o sa mga kredo, o sa pagbubuklat ng bagong pahina tuwing Bagong Taon, o kung anu-ano pa; kundi sa pagtanggap lang sa Diyos, ang Persona ng Diyos, sa anyo ng Espiritu Santo, sa inyong buhay. At kayo nga'y magiging bahagi na ng Diyos, at magiging tulad Niya na Walang Hanggan, sapagkat bahagi Niya kayo. Ang lahat ng bagay na may pasimula ay may katapusan. May pasimula ang sanlibutan, may katapusan ito; may pasimula ang langit, may katapusan ito. Sinabi ni Jesus, "Ang Kalangitan at lupa ay lilipas, datapwat ang Aking mga Salita ay hindi kailanman lilipas," sapagkat Siya ang Salita. Siya ang Salita, at Walang Hanggan 'yun.

62 At ang Salitang 'yun na nasa inyo ang magpapabunga ng Buhay ni Cristo. Kung kukunin ko nga ang buhay ng isang punongkahoy ng durano at ililipat 'yun sa peras, hindi na 'yun mamumunga pa ng durano, peras na ang bunga dahil kung ano 'yung buhay na naroon sa puno ay 'yun ang ipapamunga nun. Kaya ang buhay na nariyan sa inyo ang magpapakita kung ano ngang talaga kayo. Yang buhay mo na nasa inyo ay higit na

malakas ang patotoo, sa loob n'yo, na hindi na kailangan pang marinig ang bibigkasin mong patotoo. Malalaman nila kung ano ka sa pamamagitan ng buhay na ipinapamuhay mo at ng mga bagay na ginagawa mo. Kung nasa inyo talaga ang Buhay ni Cristo, kung ganoon, hayan nga, ipinapamuhay mo ang mga gawa at Buhay ni Cristo, sapagkat Buhay Niya mismo 'yan na nabubuhay sa pamamagitan mo. Nasa isa ka ngang sisidlan na nakalaan para isagawa ang mga gawa ng Diyos.

63 Isa ngang padalus-dalos na bagay ang nagawa ng binatang 'yun nung di siya—siya nagpakita ng interes sa pamumuhunang 'yun. Marami siyang kayamanan, 'yan ang kuwento sa atin. Pero ang yaman ng sanlibutan ay tiyak na lumilipas. Kumusta naman kaya ang kalagayan ng binatang 'yun ngayon, nasaan na kaya siya? Tinanggihan niya ang pagkakataon na ibinigay sa kanya. Gayong, isa siyang mananampalatayang Cristiano, o isang mananampalataya rin, na maituturing din naman, dahil may unang simulain na rin siya. Isa siyang mananampalataya, lumalakad siya sa buong kaliwanagan na taglay ng kautusan, at marahil isang tapat ding miyembro ng isang malaki roong kongregasyon, pero batid nga niyang kulang siya nung Buhay na Walang Hanggan.

64 Ngayon, may bagay nga siyang nakita kay Jesus na hindi niya kailanman nakita sa ibang tao. Nakita na niya ang mga saserdote, nakita na niya ang kanyang bayan, may mabubuting tao na rin siyang nakita, pero may bagay na katangi-tangi kay Jesus Cristo. May nakita nga sila, kahit 'yung mga eskriba at mga sundalong pinadala, mula sa templo, para dakpin Siya, ay sila mismo nagsabi, "Kailanma'y wala pang taong nagsalita ng gayon." At di lang Siya basta nagsalitang gaya ng saserdote o isang—isang ordinaryong tao, anupa't Siya'y—Siya'y may . . . Diyos na nagpapangyari sa sinasabi Niya. Siya'y . . .

65 Ni kailanman ay hindi Siya sumulat ng mga aklat. Wala tayong anuman ngayon na isinulat ni Jesus, sa tanang buhay Niya. Ang tanging alam lang natin, ay nagsulat Siya minsan sa buhanginan, noong may—may abang babae na may masamang reputasyon na dinala sa harap Niya, at pagkatapos ay binura rin Niya. Bakit hindi Siya sumulat? Siya kasi ang Salita. Siya ang buhay na patunay na may buhay na Diyos, 'yung mismong Buhay Niya na nasa Kanya.

66 Ang sabi nga Niya, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, ay kung gayon huwag ninyo Akong sampalatayanan. Kung hindi kayo makasampalataya sa Akin," dahil isa nga Siyang tao, "ay magsisampalataya kayo sa mga gawa. Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, sapagkat iniisip ninyo na sa mga Yaon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ang mga Ito ang siyang nangagpapatotoo sa Akin. Sinasabi ng mga Ito sa inyo kung Sino talaga Ako." Isa 'yung di maintindihang pananalita sa mga saserdote ng panahong 'yun.

67 Labis ngang nakakalungkot, para kasing nauulit na naman uli ’yun. Mangyari, kasing, nananatili pa rin gaya ng dati ang sanlibutan. Hindi nagbabago ang mga espiritu, lilisan sila mula sa isang grupo patungo sa panibago, sa isang tao patungo sa isa; masasamang espiritu man, at kahit mabuting Espiritu na mula sa Diyos. Ang Espiritu Santo nga’y nananatiling gaya pa rin ng dati kung papaano Ito noong bumaba Ito noong Araw ng Pentecostes, noong ang Diyos, sa dakilang Haliging Apoy na ’yun, ay ibinaha-bahagi ang Kanyang Sarili sa Kanyang mga tao roon.

68 Pero dito nga sa Jesus na ito, nakita nung binata ang isang bagay na hindi pa niya nakikita sa ibang tao, nakita niya ang Diyos na nabubuhay sa isang tao.

69 At kaya naman, bilang matatalinong nakakapag-isip nang maayos, ngayong umaga, kung ang siya ring Buhay na nakay Cristo ay nasa inyo, anong dahilan at mahahadlangan Ito na mamuhay nang siya ring pamumuhay, samantalang ’yun din ang buhay na ’yun? Mamumuhay nga Ito nang ganun. Hayan nga’t may mga pagkakataong labis-labis tayong nadadala ng emosyon, labis-labis tayong napapaniwala sa kung anu-anong kredo o bagay-bagay, na iniisip natin na ito na talaga ’yun. Pero nung mabasa natin kung ano Siya noon, ganun pa rin Siya hanggang sa araw na ito. Yung Diyos na nakay Cristo noon, na inyong Kapatid na Manunubos, ’yun din ang Siya na nasa inyo bilang anak na tinubos.

70 Tiningnan ni Jesus ang binatang ito, at Kanyang giniliw siya. Ngayon may isang bagay nga na tila kulang na kulang tayo, sa panahon ngayon, dahil ang mga taong hindi tayo ginigiliw, para bang ayaw rin natin silang giliwin. Simula nga nung sumama-sama ako sa mga narito sa Full Gospel, ay ’yun ’yung bagay na nakita ko, hanggang sa makilala ko ang grupo rito ng mga Business Men, anupa’t ang mga organisasyon ng Pentecostal na pananampalataya’y tila ba dinidistansya nila ang kanilang mga sarili. Hindi ’yun pagpapahayag ng Buhay ni Jesus Cristo. Inibig Niya ang lahat, at inibig Niya ang binatang negosyanteng ito. Bagamat tinanggihan Siya nung binata, sa kabila nun ay Kanyang inibig pa rin siya.

71 At hayan ngang may nakita ’yung binata na kung anong bagay kay Jesus na hindi pa niya nakikita sa kahit saan pang iba, at naanyayahan siyang tanggapin itong naroon sa Kanya, pero masyadong malaki ang kapalit. At mangyari ngang nakita niya na ang pamumuhunan na inaalok sa kanyang mamuhunan doon, ay ang magiging kapalit nun ay itong lahat niyang ari-arian sa mundo, dahil nga sinabi sa kanya ni Jesus, “Ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik.”

72 Ngayon, kalalakihan at kababaihan, huwag—huwag sanang maging mali ang pagkakaintindi n’yo sa sinabi kong ’yan. Di

ko sinasabi na kailangan huwag na tayong maghanap ng pera. Pero kung 'yan na 'yung nagmimistulang Diyos n'yo, diyan na lang kayo lagi nakatuon, kailangan nga n'yang mawala. At sa panahong ito, madalas, ang mga kalalakihan at kababaihan ng pagnenegosyo ay nakatuon na lang sa kung gaanong karami ang dapat hawak nila, gayong ang dapat nating pagtuunan ay kung gaanong karami ang kaya nating bitiwan. Malaki na talaga ang pagkakaiba ngayon, dito sa sangka-Cristianuhan, at mga iglesyang denominasyon, at iba pa, maging sa lahat. Ang laki na talaga ng pinagkaiba tila ba, nung ngayon, kaysa noong sinaunang iglesyang Pentecostal. Ngayon ay talagang parang nakapagmamalaki pa sila, "Hili-hilera ang mga Cadillac ko, at espirituwal ako kaya apaw-apaw ang ari-arian ko sa mundo." At nakikita natin ang ganyang labis na pagmamataas, kahit nga sa mismo nating mga kapatiran. Yung pentecostes nung sinaunang araw kanilang ipinagbibili ang mga ari-arian nila't ipinamamahagi sa mga mahihirap, at sa kani-kanilang mga kasamahan.

73 May isang kabataang lalaki hindi pa katagalan, sa Jamaica, nagdadaos kami noon sa karerahan, kasama ko noon ang Full Gospel Business Men. May nabanggit akong parang ganoon, isang gabi, sa isang pagtitipon ng mga negosyante na nagmula pa sa iba't ibang panig ng isla, nagtipun-tipon dun galing sa buong—buong isla. At itong kabataang mang-aawit ay lumapit sa akin, at sabi niya, "Kapatid na Branham, parang hindi po yata maganda 'yung nabanggit n'yo, ngayong gabi, 'yung sinabi n'yo tungkol sa mga pentecostal na ipinagbibili nila 'yung mga ari-arian nila."

74 Nangangaral ako noon sa mga kritiko ng pentecostes, at nabanggit ko nga na dun sa bagay na 'yun ay may karapatan silang punahin 'yun. Ang sabi ko, "Kayong mga kalalakihan sa pagnenegosyo lagi n'yong sinasabi kung paano yayaman. Alam naman na ng mga kalalakihang 'yan kung paano yayaman. Mayayaman na sila. Ang bagay nga na dapat sana'y inaalok n'yo sa kanila ay si Jesus Cristo, isang bagay na wala pa sila."

75 Hindi n'yo madadala ang Ebanghelyo sa sanlibutan. Ang dapat nga'y dalhin natin ang sanlibutan sa dakong ito. Inaabot ng Hollywood ang mga bagay na kumikinang, kahit naman ang matsing ay ganun din. Kumikinang ang Hollywood, pero ang Ebanghelyo'y nagliliwanag. May malaki ngang pagkakaiba ang kumikinang sa nagliliwanag. Pero ang ginagawa natin ay may idadaos tayong magagarbong mga bagay, at ipapakita nating magarbo tayo. Hindi 'yun ang paraan para madala n'yo 'yung mga taga-labas. Ipamuhay n'yo ang Buhay, at hayaan n'yo si Cristo na mabuhay sa inyo, upang 'yung mga tao na 'yun ay magutom at mauhaw na maging tulad n'yo. Habang umaalat ka na parang asin, mauuhaw siya. Ang tanging paraan nga upang maging maalat ka gaya ng asin ay hayaan ang Buhay ni Cristo na

sumaiyo, dahil ganoon Siya. Lalabas lang ang alat ng asin kung ito'y madidikit sa prinipreserba.

76 Ngayon nakita na natin, na itong binatang ito'y batid niya na ang Lalaking 'yun ay higit pa sa isang ordinaryong tao lang. Alam ng binatang ito na Diyos talaga Siya, dahil ang Buhay ng Diyos ay naaaninag sa Kanya; at Siya'y lubos na pinagtitibay ng Salita, na Siya ay Diyos.

77 Ngayon nais kong mangusap kahit pansumandali lang sa mga kapatid ko ring ministro, rin naman. Tayo rito'y binubuo nga ngayon ng kapwa mga ministro at mga negosyante. May kaunting pangamba nga ako na ang ating dakilang sistema sa ating mga iglesya ngayon ay humantong na sa kalagayang 'yun, dahil ipinahahayag nga ng Biblia na hahantong tayo, sa huling mga araw na ito, sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea, "na 'mayaman, nagkamit ng kayamanan, hindi nangangailangan ng anuman.' At hindi nalalamang ikaw ay maralita, dukha, aba, bulag, at hindi ito nalalaman." Yan ang nakakalungkot, "Hindi ito nalalaman! Bulag!"

78 Bakit kaya hindi man lang nakilala ng mga Fariseo noon, ng mga iskolar ng mga seminaryo si Jesus Cristo, gayong ganap naman Siyang ipinakilala ng Biblia, gayong pinatunayan nga Niyang Siya ang Propetang 'yun na sinabi ni Moises na lilitaw? At hindi naman sila nagkaroon ng mga propeta sa loob ng daan-daang taon. At tapos heto na nga Siya't tumayo sa gitna nila, taglay ang mismong Salita ng Diyos, pero sinabi ng Biblia na sila'y "mga bulag na Fariseo." At sinasabi sa atin ng Biblia, na, "Bulag nga sila." Kalunos-lunos naman 'yun!

79 At ang Biblia ring 'yan na nagsabing magiging bulag sila, ay nagsabi nga, "Ang Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea ay magiging bulag, maralita, aba, dukha, hubad, at bulag, at hindi ito nalalaman."

80 Kung may makikita nga tayong lalaki sa kalsada, o tao na nasa ganoong kalalagayan, kahabag-habag naman talaga; kung lalapit ka nga sa lalaking 'yun, at makikipag-usap sa lalaki o babaing 'yun. At tapos babaling ka't makikita ang pananamit ng ilan sa mga moderno nating kababaihan, makikita mong wala silang pinag-iba sa mga bulag sa natural. Pero kung inyo lamang silang malalapitan at mapagsasabihang sila'y mali, at kung makikinig sila't, mapag-uunawang sila'y hubad, sisikapin nilang sagipin ang kanilang mga sarili. Pero, "Hubad nga, at hindi ito nalalaman."

81 Ngayon sa kapanahunang ito, ipinadalang muli ng Diyos ang Espiritu Santo, na, kung si Jesus Cristo ay ang siya ring kahapon, ngayon at magpakailanman, ibig sabihin Siya pa rin 'yung Mesiyas na 'yun. At ang Buhay na 'yan ni Cristo ay 'yung nasa Kanyang Iglesya nga, na pinatototohanan ang Kanyang Salita. Ganoon nga 'yun nung ang Diyos ay nasa lupa noon, sa

anyo ni Jesus Cristo, na siyang Salita, upang gawing buhay ang Salita. At ngayon naman ang Espiritu Santo ay nasa laman na, ginagawang buhay ang Salita ng Diyos sa bawat pangako at sa bawat kababalaghan. At ang lahat ng bagay na ipinangako Niya, ay nariyan na nga.

82 At ang mga kaiglesyahan ay nabigyan ng pagkakataong ito na makatanggap ng garantiya sa Buhay na Walang Hanggan, subalit nakagawa rin sila ng padalus-dalos na pagkakamali na nagawa nung binatang pinuno. Sila'y napalayo patungo sa mga konsehong ito, na sama-sama nang nagkakaisa, sumusukob sa ilalim ng isang anyo ng makasimbahang pamumuno na inihula ng Biblia. Nakikita natin 'yan dito sa mga pang-organisasyong sistema natin. At 'yun din 'yung nasa Roma, at iba pa, ngayon. Ngayon wala tayong pinapairal na mapupurol na mga opinyon natin na para sa pansariling kapakanan, hindi rin puwede na di ito sabihin, talagang sinasabi lang natin ang Katotohanan. Kung papaano nga ba ito nasusulat. Pinagtitibay ng Diyos ang Kanyang Katotohanan sa tuwi-tuwina. At ang iglesya sa ganoong klase ng kalagayan, ay inalok na tanggapin sana 'yung Garantiya.

83 At diyan nga sa sinasabi kong 'yan, haya't marami sa inyo na mga negosyanteng narito ngayong umaga, ay kasapi sa mga iglesyang 'yun. Hindi ko sinasabing, "Lisanin n'yo." Hindi, po. Pumaroon kayo at maging liwanag, pero siguraduhin n'yong dala n'yo dun ang Liwanag. Kita n'yo? Pansinin.

84 Kung ano 'yung kadahilanan na tinanggihan ng mayamang binatang pinunong 'yun ang pagkakataon, ay 'yun na 'yun din ang kadahilanan at tinatanggihan ng iglesya ang pagkakataon ngayon na makamit na sana itong Buhay na Walang Hanggan. Dahil dun sa iglesya mismo, masisira 'yung minana nila sa mga magulang nila, 'yung minanang dakilang tradisyon na tinayuan ng mga magulang nila. At mangyari ngang kung bababa ang Espiritu Santo sa naglalakihang makasimbahang sistema na 'yan, aba, nangangamba akong hindi ito papayagan nung mga namumuno dun. Sisipain nila ito palabas ng organisasyon na 'yun. Kita n'yo? At hindi nga nila maaaring payagan 'yun, dahil hindi na siya magiging "doktor, santo padre," kung anuman, magiging pangkaraniwang tao na lang siya sa gitna natin.

85 Walang matataas na tao sa Cristianismo. Sanlibutan lang ang nagpasimuno ng ganyan. Pantay-pantay tayo, mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos, at walang "lalong banal kaysa kanino." Mga anak nga tayo ng Diyos, dahil sa biyaya ng Diyos.

86 Nabasa ko sa Biblia, na sinabi ng Diyos kay Juan, sa Pulo ng Patmos, na 'yung, "mga gawa ng mga Nicolaita," ay Kanya ngang kinapopootan. *Nikao*, "sakupin ang karaniwang tao," sakupin ang karaniwang tao at ilagay ang lahat ng kabanalan

sa iilang mga tao. Ang kabanalan ay para sa lahat. Bumaba ang Espiritu Santo sa buong grupo. Walang banal na tao, hayan nga, banal na Diyos ang mayroon. Hindi nga natin sasabihing "banal na iglesya, banal na mga tao." Kundi "banal na Diyos." Hindi tayo ang banal, kundi Siya ang banal. Hindi banal na ministro; kundi Banal na Espiritu, Siya'y nagmiministeryo sa pamamagitan nung ministrong 'yun. Hindi banal na mga tao; walang sinuman sa atin ang banal. Pero mukha talagang sila, sa dami-dami na ng pagkakataon, ay tinatanggihan pa rin nila ang pagkakataong 'yun.

87 Sa Apocalipsis 3, mababasa natin ito, na dito sa Iglesya ng Laodicea, inilarawan sa atin ang isa sa pinaka nakakalungkot na larawan sa buong Biblia, Apocalipsis 3, dito sa Iglesyang Laodicea. Dun sa lahat ng iba pang mga iglesya, sa Panahon ni Luther, at sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya, bawat isa, ito lang 'yung hindi, nabanggit na nasa iglesya si Jesus, "Siya na nasa iglesya." Pero sa Laodicea, nasa labas Siya, tumutuktok, nagsusumikap na makapasok muli. Isa ngang kalunus-lunos na bagay ang isipin, na, "Ang Anak ng Diyos, tumutuktok sa Sarili Niyang iglesya, nagsusumikap na makapasok muli."

88 Pero binulag ng kayamanan ng sanlibutang ito ang mga mata nila. Hindi lang kayamanan sa salapi, kundi kayamanan sa katanyagan, kayamanan sa mga bagay ng sanlibutan, sa pagiging abala sa buhay, hanggang sa makadaiti mo ng balikat ang mga sikat, at ang intelektuwal na mga tao'y malaya nang nakapasok at inalis ang Butil, yaong—yaong Perlas na 'yun na di-matutumbasan ang halaga. Pero nagtalaga na nung una pa ang Diyos ng bayan na paroroon; talagang may mga paroroon. Pero tinatanggihan nila Ito. Hindi naman ng lahat; tatanggapin Ito ng ilan sa kanila dun. Ngayon inilabas nila Siya sa kanilang pag-ibig, sa kanilang pag-ibig sa Kanyang Salita. Haya't. . . Kumuha sila ng kung anong kredo at tinanggap ang kredong 'yun, pinalitan ng bagay na kinuha lang nila kung saan.

89 Katulad nga 'yan ng, ikinasal ka sa isang kaibig-ibig na babae. Mahal ka niya at mahal mo siya, sabi mo. Pagkaraan ng ilang panahon, kukuha ka ng ibang babae, o kukuha ka ng ibang lalaki, aba'y kailangan mo munang ipagsawalang-bahala ang una mong pag-ibig.

90 At 'yun lang ang tanging paraan para tumanggap ng kung anong kredo, ang ipagsawalang-bahala natin ang una nating pag-ibig, ang Salita. Hindi n'yo maaaring mapaniwalaan ang isang mali, hangga't di muna kayo lumalabas sa Katotohanan. Pero humantong na tayo sa isang kalagayan na ayos na 'yung nagkakamayan tayo, at ipapasok ang mga tao sa iglesya. Tapos naninigarilyo pa rin, umiinom, nagkakasiyahan.

91 May nakausap ako kagabi, habang pababa 'yung elevator. May isang binibini sa elevator, nabanggit niya na papunta siya

sa isang kasiyahan ng simbahan, sabi, "Sa ilalim ng simbahan gaganapin. Maglalaro kami dun ng dais, at may ipamimigay silang mga pabo, at para makatulong 'yun sa gastusin ng pastor at para dun sa mga pagmi-misyon." Kita n'yo, may iba kayong tinatanggap. Hindi naman 'yun ang programa ng Diyos. Kapag humantong na talaga sa punto na di ko na kayang maipangaral pa dun ang Ebanghelyo, dahil lublob na lublob na sila sa mga bagay na 'yun, isasara ko na lang ang Biblia at uuwi na lang. Ganun nang kalala. Pero humantong na tayo sa ganun (bakit?) dahil tinanggihan ang garantiya ng Walang Hanggang Buhay. Yun ang may gawa nito, nawala na ang kanilang pag-ibig.

92 Dumiretso ako sa isang maliit na puwesto sa bulwagan ng hotel, nung isang gabi nito lang, at magti-tinapay nga ako noon na may palaman, at sabi ko sa binibini dun, "Dalhan mo ako ng—ng tinapay na may palaman at isang baso ng buttermilk."

93 At hindi ko lang sigurado kung nasabi ko 'yun nang tama, o hindi. Pero 'yung munting binibini'y parang bangkay po ang itsura, asul na asul 'yung ilalim ng mata niya't may kung anong ipinahid dun; at—at halos sapat lang 'yung suot niyang damit, na maipagkakasya mo lang halos sa kahon ng aspirin. Sabi niya, "Bourbon on rocks po ba?"

Sabi ko, "Pasensya na ano nga uli 'yun?"

Sabi niya, "Ano pong ilalagay sa Bourbon?"

Sabi ko, "Sabi ko 'buttermilk.'" Kita n'yo?

Sabi niya, "Buweno, ano pong gusto n'yong inumin?"

Sabi ko, "Buttermilk."

Sabi niya, "Buweno, may primera klase kasi kaming mga inumin dito na may halong alak."

Sabi ko, "Binibini, isa akong ministro ng Ebanghelyo."

94 Sabi niya, "Yung aming . . . Katoliko po ako." At sabi niya, "Yung aming mga pari pumupunta rito at umiinom."

95 Sabi ko, "Ako, hindi ako paring Katoliko. Ministro ako ng Ebanghelyo."

Sabi niya "Baka gusto n'yo lang po ng inuming may halo?"

96 Sabi ko, "Huwag mo nang haluan ng kahit ano, buttermilk lang na puro ang dalhin mo." Oo. At wala kasi siyang kaalam-alam. Pero hayan na nga, kita n'yo, hayan na nga.

97 Ang relihiyon, katulad na katulad lang ng sanlibutan. Ang ibig sabihin ng *relihiyon* ay "panakip." Kung matatakpan kayo ng sanlibutan, kikilos kayong katulad ng sanlibutan.

98 Subalit kung natatakpan nga kayo ng Dugo ni Jesus Cristo, may kaugnayan kayo sa Kanya, wala na kayong pakialam sa ganung mga bagay. Wala na kayong makikita kundi ang Dugo lamang. At ang Dugo lamang ang kinikilala ng Diyos. "Pagka Aking nakita ang Dugo, ay lalampasan Ko kayo." Amen.

Tayo nga'y lubos na nagpapasalamat sa Diyos dahil sa mga bagay na ito.

Ngayon pinag-uusapan natin ang tungkol sa garantiyang ito ng Buhay na Walang Hanggan.

99 At kadalasan, dahil napapasama ako sa mga Pentecostal, sila—sila nga'y mabibilis mangaral, at, at ako—ako—ako naman ay sadya ngang makupad. Ako'y—ako'y hindi nga makasabay, dahil na rin siguro, taga-Timog ako; Talagang likas na sa akin—sa akin 'yung hindi masyadong nagmamadali. Gaya na lang dito sa may kalsada, halos mabangga ako ng mga tao, at kaya naman dun lang muna ako—ako sa isang sulok, at naghihintay hanggang sa makadaan ang lahat. At para ngang di maubos-ubos 'yung mga nagsisitawid dito, at may kakuparan talaga ako, kaya naman iniintindi na lang nila ako nang kaunti.

100 Mag-isip tayo ngayon ng—ng ilang tao na kumuha na ng garantiyang ito. Ating punahin, o suriin, pala, ngayong umaga, ang ilang kumuha na ng garantiyang ito, noon, para makita talaga natin kung mapagkakatiwalaan ba ang garantiyang ito, o hindi. Ang Salita po ng Diyos ang tinutukoy ko, si Cristo sa laman. Yung kumuha na ng garantiyang ito, magbabalik-tanaw tayo at tutugaygayin natin ang ilan sa mga kumuha na nito.

101 May isang lalaki, noon, na inalok ng garantiyang ito. Isa siyang magbubukid. At kinatagpo siya ng Panginoong Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita, at sabi, "Magkakaroon ng isang—isang baha na wawasak sa buong mundo. May gagawin ka na magiging katawa-tawa ka kung gusto mong matanggap ang garantiyang ito, pero maililigtas nito ang buhay mo. Nais Kong gumawa ka ng isang daong." Si Noe nga. At bagamat ang iba pa sa panrelihiyong daigdig, noong araw na 'yun, ay iniisip na baliw ang matandang lalaki na ito, at dahil na rin di kasi 'yun sumasabay sa maka-siyentipikong gawi ng panahong 'yun.

102 Mangyari pang, sinabi ni Jesus, "Kung paano ang nangyari sa mga araw ni Noe," gaya nung sanlibutang 'yun noon, "ay gayundin naman ang pagparito ng Anak ng tao," kung kailan ang garantiya'y puno na ng nakasulat na mga pangalan; at Siya nga'y nariyan pa ngayon sa itaas, tinutubos, ngayong umaga, ang lahat nang mailalagay pa ang kanilang pangalan sa Aklat na 'yun. Ngayon, pagkatapos ng kaunting panahon, mailalagay na ang huling pangalan dun, at 'yun na . . . Yun na 'yung huli. Kaya halina kayo ngayon, mga kapatid ko. Huwag na kayong magpatumpik-tumpik. Kung sa ibang panahon pa'y, baka huli na ang lahat. Halina kayo ngayon habang may pagkakataon pa kayo, habang kayo'y . . . habang naiaalok pa ito sa inyo.

103 Nakita nating namuhunan si Noe rito, isa siyang kilalang magbubukid, at marahil marami siyang kilala, at marami-rami rin ang kanyang tinatangkilik. Pero ipinagbili niya 'yun, maski siguro 'yung binubukid niya, para mabili 'yung materyales na

ipanggagawa niya dun sa daong. Pinagtawanan siya nung mga tao; gawa na rin ni Satanas. Siguro pa nga'y binansagan siyang "holy roller."

104 Gaya nga nung nabanggit dito ngayong umaga, naging holy roller siya't nagpagulong-gulong sa sahig, nung malaman niya at lumagda siya ng pangalan niya sa pamamagitan ng Dugo ng Panginoong Jesus, na nais niyang kunin ang garantiyang 'yun.

105 At siya, si Noe, ay ganoon ang ginawa niya. At ipinagbili niya ang lahat ng tinatangkilik niya't, itinayo niya ang daong. Pinagtawanan, binuyo ni Satanas, pero nalaman nga natin na nagbunga 'yung garantiyang kinuha niya't naligtas ang buhay niya; at hindi lang buhay niya, pati sambahayan niya.

106 At naniniwala akong totoo 'yun. Hindi lang ikaw; marahil pati—pati si misis, isang babae sa pagnenegosyo, si lalaki, isang negosyante.

Sasabihin n'yo, "Ano namang kaugnayan n'yan sa pamilya ko?"

107 Tinanong minsan, kina Pablo at Silas. Nung bantay roon sa bilangguan na taga-Filipos, ang sabi niya, "Ano ang gagawin ko upang ako'y magtamo ng Buhay na Walang Hanggan?"

108 Sabi niya, "Manampalataya ka sa Panginoong Jesus Cristo, at ikaw at ang iyong sambahayan!" Bakit? Dahil kung siya'y tunay, hindi lang kunwa-kunwariang nananampalataya, kundi nananampalataya talaga! Sabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito," sa Marcos 16, "ay lalakip," di sinabing maaari, "lalakip sa magsisisampalataya." At kung sapat ang pananampalatayang taglay mo para sa sarili mong kaligtasan, pati sambahayan mo ay maisasama mo, sa pamamagitan ng pananampalataya. Kung nasa iyo na kasi 'yung ganoong klase ng pananampalataya, makakatulong ang pananampalataya mo sa iyong sambahayan, "ikaw at ang iyong sambahayan."

109 At 'yung sambahayan ni Noe, nakita nga nila si tatay, isang mabuting tao talaga, hirap sa pagmamartilyo dun, 'yung mga anak niyang lalaki't mga manugang niyang babae, at ang iba pa, ay nagsipagmartilyo kahit mahirap kasama niya, dinadala ang kadustaan ng Salita. Kailangan n'yo talagang dumaan sa ganun. Ang Kaharian ng Diyos ay hindi naman basta-basta na lang na walang mga pagsubok. Kailangang magpakasakit ang mga tao sa pagpasok Dito, sa Kaharian ng Diyos; hindi nga 'yung basta nagmamatyag na lang. Ngayon, pero nagbunga nga 'yun, at naligtas ang buhay niya. Maaari nga tayong magtagal dito kay Noe nang maraming-maraming oras.

110 Pero dumako na po tayo sa isa pa, sa isa na nagngangalang Daniel. Sa pagiging isang propeta, nandun 'yung pagkakataon sa pagiging propeta niya ng Diyos. At dumarating lamang ang Salita ng Diyos sa isang propeta. Wala nang iba pang paraan. Sa isang propeta Ito dumarating sa tuwina.

111 Sh, sandali lang. [Isang kapatid na lalaki ang nagsasalita sa ibang wika. Isang kapatid na lalaki naman ang nagbibigay ng pagsasalin—Pat.] Amen. Salamat sa Panginoon. Nauunawaan natin 'yan. Marahil sa mga nagtataka, sa mga negosyante, ako—ako'y hindi na magsasalita ng anumang maselan tungkol dito. Kita n'yo, sigurado ako na napaka halagang bagay nito, kaya nangusap ang Espiritu Santo sa kalagitnaan ng Mensahe, para gawin 'yun, magbigay ng babala.

112 Ngayon naniniwala tayo sa pagsasalita ng iba't ibang wika, bilang isang kaloob. Noon ay iniisip ko na mali 'yun. Noong unang dalo ko pa lang noon sa gitna ng mga taong 'yun, iniisip kong baka 'yung mga taong 'yun, na nagsasalita ng iba't ibang wika, ay gawa-gawa lang nila 'yun. Pero wala akong sinabing anuman, dahil, tandaan po, maaaring mapusong natin ang Espiritu Santo, kung, magsasalita tayo nang di maganda. Tapos nalaman ko, nung naparoon ako sa Aprika at lumibot sa buong mundo, na walang tunog na walang ibig sabihin. Bawat munting lagatok at galaw ay may kahulugan nga.

113 Kaya naman dapat tayong manahimik hanggang sa salitain na ng Espiritu Santo ang salita Nito. At kaya 'yan siguro ang dahilan, marahil, kung bakit nangusap Siya sa kalagitnaan ng Mensahe, para sabihin, sa pagkakaunawa ko, at umaasa akong ito nga 'yun, na, "Dinggin ninyo ang Salita ng Panginoon, at sundin n'yo ang mga Salita ng Panginoon." Ngayon, tandaan n'yo, hindi po ako ito. Mga lalaki po ito, mga lalaking may kaloob, ng pagsasalita ng iba't ibang mga wika. At—at ang mga lalaking ito, mismo, ay hindi basta-basta gagawa ng ganun, sa palagay ko. Na sa kalagitnaan ng Mensahe, di nga sila basta-basta magsasalita na lang ng ganun, kung hindi 'yun isang bagay na marahil kailangang-kailangang maihatid ng Espiritu Santo sa isang kaluluwang narito. Hindi ko alam. Kita n'yo, hindi ko alam kung ano ba, Diyos ang nakakaalam. Kita n'yo? Pero nais nga natin na sa tuwina'y gumagalang at nagbibigay tayo ng pagpipitagan sa anumang ginagawa ng Diyos.

114 Ngayon bumalik tayo sa pinagbubulay-bulayan nating 'yan tungkol sa mga kumuha na nitong garantiya, nitong mismong garantiya na napuspos ang mga kalalakihang ito, na gawin ang mga gawang 'yun ngayon, upang dalhin sa kalagitnaan nitong Mensahe, ang isang bagay para ilagay roon at sabihin, "Ito ang Espiritu Santo," na heto nga't, "nagsasalita sa inyo."

115 Si Daniel, na pinag-uusapan natin kanina . . . Isa siyang may hawak na nung garantiya. Isa siyang lalaking puspos ng Espiritu ng Diyos. Dahil ang Salita ay nakay Daniel, si Daniel ay isang propeta.

116 At sinabi ng Biblia, sa unang kabanata ng Mga Hebreo, "Sa iba't- . . . unang mga panahon, ang Diyos, sa iba't ibang paraan, sa maraming pagkakataon, ay nagsalita sa mga magulang sa

pamamagitan ng mga propeta." Ngayon ang *propeta* ay isang tambalang salita, na may kahulugang "isang tagapagpahayag ng Kasulatan" at "isang pangunang tagapagsabi ng mga bagay na darating," upang ipakita na ang Diyos ay hindi nagbabago sa Kanyang Pagmemensahe. Bawat kapanahunan, ang Diyos ay gumagamit sa tuwina, hindi nga ng kung anong organisasyon, ni kung anong grupo man o sistema, kundi ng isang tao.

117 At ang di-nagbabagong Diyos, may nag-iisang paraan lang Siya na inilaan sa halamanan ng Eden, upang maligtas ang tao, at 'yun ay sa pamamagitan lamang ng Dugo. Marahil mayroon tayo nitong mga sistemang pang-edukasyon at mga sistemang maka-denominasyon, pero tinatanggihan 'yan ng Diyos. Haya't sa Dugo lamang talaga. Yun lang ang nag-iisang paraan.

118 Gumagamit ang Diyos ng isang indibiduwal. Ang dalawang tao kasi'y hindi magiging parehas ang pagtingin nila sa isang bagay, kaya isang tao lamang ang kinukuha ng Diyos sa kamay Niya; kaya ganun 'yun, gaya ni Moises at hanggang nung kay Daniel na, at hanggang sa iba't ibang mga propeta. At makinig.

119 Sasabihin n'yo, "Buweno, papaano naman 'yung Espiritu Santo?" Hindi binababago ng Espiritu Santo ang paraang 'yun.

120 Tingnan n'yo po, ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa propeta. Si Juan ang propeta ng panahong 'yun. Nakatayo siya sa may tubig, nagpapahayag na nasa kalagitnaan na nila noon ang Mesiyas, kung saanman. Mababatid niya sa pamamagitan ng isang tanda. At nung ang Mesiyas, ang Salita, ay lumusong na Siya sa tubig, patungo sa propeta, hayan nga't ang Salita ay dumarating talaga sa propeta!

121 Sinabi ni Jesus, na sa mga araw na ito, sinabi Niya, "Siya," isang panghalip panao, "Siya na Espiritu Santo, sa pagdating Niya sa inyo, pagdating sa inyo, ay ipakikita Niya sa inyo ang mga bagay na ito na itinuro Ko sa inyo, at ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating." Kaya hindi nun binago ang paraan, ang Espiritu Santo ang Propeta sa gitna natin ngayon. Ang Espiritu Santo ang Propeta.

122 Si Daniel ay isang propeta. Ang mga salita ng Diyos, ang Biblia, ay pinunan kay Daniel, upang ipahayag sa mga tao na buhay pa rin ang Diyos. At nilayon ni Daniel sa kanyang puso na hindi niya dudungisan ang kanyang pamumuhunan.

123 Oh, kung magagawa lang 'yun ng iglesya, kung mailalayon lang ng iglesya sa inyong puso na hindi n'yo dudungisan ang inyong pamumuhunan sa pamamagitan nung pasabit-sabit na 'yan sa mga bagay na magdadala sa inyo sa isang sistema na ilalayo kayo sa Kanya!

124 Nilayon ni Daniel sa puso niya. At ano ang ibinunga nito? Iniligtas nito ang buhay niya mula sa mga leon.

125 Namuhunan ang mga binatang Hebreo sa Diyos, na hindi nila babaliin ang Kanyang mga utos, kahit na ginawan pa nung mga tao roon ng imahen ang banal nilang kapatid, na si Daniel. Haya't, naniniwala akong imahen 'yun ni Daniel, dahil diniyos siya ni Beltsasar, at nalaman nating nagpagawa siya ng imahen para sa banal na lalaking ito. Kahit gaano pang kabanal ang lalaking 'yun, hindi yuyuko ang mga binata sa anumang anyo ng imahen, kahit ano pang imahen 'yan. Nagsimula noon ang panahon ng daigdig ng mga Gentil sa pagsamba sa isang banal na imahen, at matatapos ito sa ganoon ding paraan, at nakikita n'yo na ang sistemang 'yan na umiiral ngayon. Mangyari ngang hindi talaga yuyuko ang mga binatang Hebreo sa kahit anong imahen, at nalaman n'yo ngang nagbunga ang pamumuhunan nilang 'yan nung maligtas ang kanilang buhay.

126 Ngayon kaunting sandali pa, nasumpungan natin ang isa pang lalaking nagngangalang. . . isang negosyante sa komersyo, isa siyang negosyante sa larangan ng komersyo. Isa—isa siyang mangingisda. Ang pangalan niya'y Simon. At ang kapatid niya ay si Andres. Ang pangalan ng kanyang tatay ay Jonas. Hindi pala, pasensya na po. Oo, tama pala. Palagay ko tama.

127 At nalaman nga natin na ang kapatid nung mangingisda'y dumadalo sa rebaybal ng baptist, kay Juan na nagbabautismo. At narinig niya, sabi nung nagbabautismo, "Wala pa Ito, pero darating Ito."

128 Napakaganda sana nun kung 'yung organisasyon natin, at ako po'y naging Baptist din naman nang maikling panahon, ay gagawin din ang gayunding bagay. Tunay, darating Ito. Kung kayo lang sana'y. . . Darating Ito nang walang pasubali mula sa Itaas. Isa 'yung pangako.

129 At isang araw sabi nung baptist, o nitong nagbabautismo, nagpahayag siya, "Narito na Ito, sa kalagitnaan n'yo mismo."

130 Labis-labis ang kagalakan dun ni Andres kaya humayo siya't isinama ang kapatid niya, na mangingisda.

131 Abalang-abala nga siya sa kanyang negosyo, hanggang sa, isang umaga ay napadalo siya sa isang—isang agahan. Hindi ko alam kung ano 'yung dinaluhan niya, pero nasa baybayin 'yun. At nung nandun na siya, lumapit siya dun sa Presensya nung Nagsasalita, at sabi nung Nagsasalita, "Ang pangalan mo ay Simon, at ang tatay mo . . . Jonas ang pangalan ng tatay mo."

132 Bigla na lang, 'yung lalaking 'yun na kasapi sa Sanedrin, 'yung kasaping 'yun ng malawakang katawang pansimbahan, na nakapagbasa ng kanyang Biblia at nalalamang siya mismo, si Moises, na kanilang sinusundan, ang sabi sa kanila, "Kapag dumating ang Mesiyas, Siya'y isang Propeta." Nakinig siya sa sinabi nung Salita, kahit ano pang pansimbahang sistema ang kinabibilangan niya.

133 Hindi ba puwedeng tayo rin, ngayon, makinig sa siya ring Lalaki na 'yan, si Jesus Cristo, Na nagsasaysay sa atin kung anong mangyayari dito sa huling mga araw na ito?

134 At nung makalapit siya sa Taong ito, ay sinabi nga Nito sa kanya kung sino siya; at di lang siya, kundi maging ang banal niyang matandang tatay na pumanaw na; agad-agad siyang namuhunan sa garantiyang ito, ng Walang Hanggan, at naging obispo ng Roma, o ng iglesya. Si Natanael, noong . . .

135 May isang lalaki dun na nagngangalang Felipe na nakakita dun, at labis-labis ang kagalakan niya! Batid niyang 'yun na ang Mesiyas, dahil Propeta nga Siya. Nagkaroon sila noon ng lahat na ng kung sinu-sinong mga propeta, pero hindi naman tamang klase ng Propeta. Kaya nung makita nilang dumating ang Propetang ito, may lubos ngang pagkakakilanlan sa Salita!

136 Ganyan nga dapat ang iglesya ngayon na maging tulad sa isang propeta, na dapat lubos ang pagkakakilanlan sa Salita ng Diyos, na siyang Propeta. At kung mag-oorganisa kasi tayo at maglalagay nang grupo-grupo, at magkakahati-hati, "na para bang walang Pananampalataya," papaano natin hahawakan ang Salita? Kita n'yo, hindi natin kaya. Bumalik tayo sa Salita, dahil Ito ang Walang Hanggang Buhay, "Ang Aking mga Salita ay Buhay."

137 Ngayon pansinin n'yo ang nangyari. Nakita natin si Felipe na matindi talaga ang pag-aalab, na anupa't nagawa niyang ikutan 'yung bundok. Kung susukatin n'yo: baka, aabot din sa, labinlimang milya. Siguro'y nung kinabukasan din ay bumalik, kasa-kasama na ang isang lalaki, si Natanael; sinadya nga niya ang kaibigan niyang 'yun, na kasa-kasama niya sa pag-aaral ng Biblia. At naroon ito noon sa ilalim ng isang punong olibo, nananalangin, dahil may pataniman nga ito ng puno. At, bigla na lang, haya't wala siyang panahon para magpabagal-bagal, isa nga siya sa may hawak na nung garantiya at may pagnanais sa kanya na ipakita 'yun sa iba. Kapag natanggap n'yo na kasi ang garantiyang ito, may kung anong bagay rito, na magiging ahente ka na agad-agad. At hindi na nga siya nagpasikut-sikot pa o nakipag-kuwentuhan tungkol sa lagay ng pataniman nito. Sabi niya, "Halika, tingnan mo kung Sino ang nasumpungan namin, si Jesus na Anak ni Jose, si Jesus na taga-Nazaret!"

138 Kaagad sumagot ang matigas na Hebreong 'yun mula sa dakilang mga konseho ng Sanedrin, mula sa sinagoga, ang sabi, "Ngayon, mangyari bagang may lumitaw na magaling na bagay mula sa Nazaret?"

139 Nakita n'yo ba riyan kung papaanong ibinababa ng Diyos ang tao, pinahihiya sila? Kapag nagmamalaki sila sa sarili nila na may naitatag silang ganito't ganoon, may palilitawin ang Diyos na isang munting tao na di man lang makapag-ABC, at sadyang hihiyain ang ganito't ganoon nila. Kita n'yo, ganun nga

ang ginagawa ng Diyos. Dahil, ang Diyos ay mananatiling Diyos, kumukuha Siya ng munting bagay na walang kagaling-galing at pagiging-magaling 'yun. Papaano kaya kung dun Siya pumunta kina Caifas at dun sa mga punong saserdote, at mga ministro na aral na aral sa pagmi-ministeryo ng panahong 'yun nung dumating ang Mesiyas? Aba'y maipagyayabang nila sana 'yun.

140 At itulot n'yo sanang sabihin ko ito, di naman sa naninira ako; sana'y hindi ganun ang pagkakaunawa n'yo sa akin. Hindi kaya nagaganap na uli ang bagay na 'yan ngayon? Hayan nga't iniisip natin na, "kaming mga Methodist kami ang nakakuha nito, kaming mga Baptist kami ang nakakuha nito," at ang Diyos nga'y maaaring magpalitaw ng isang tao na di galing sa anumang paaralan na 'yan, o magpalitaw ng grupo ng mga tao na Kanyang papahiran ng Kanyang Espiritu, na hindi man lang makapag-ABC. Sinabi nga ng Biblia na "Si Pedro ay kung sino lang na mangmang at walang pinag-aralan." Subalit 'yung bagay na taglay niya, mapapansin talaga nila 'yun, dahil ang Diyos 'yun na nabubuhay sa pamamagitan niya. "Ang nasa akin, ay siya kong ibinibigay sa iyo," kita n'yo, dun sa lalaking pilay.

141 Nalaman nga natin nung katangi-tanging panahon na 'yun, na ang sabi nung lalaki, "Buweno, sandali nga lang, mangyari bagang may lumitaw na magaling na bagay mula sa Nazaret?"

142 Ngayon tinugon niya 'yung lalaki ng isa talagang napaka inam na tugon, sabi niya, "Pumarito ka, tingnan mo."

143 Huwag kayong maupo lang sa bahay at mamuna, pumunta kayo at alamin n'yo mismo sa sarili n'yo. Huwag n'yong sabihin o salitain lang 'yung sinasabi lang ng iba riyan. Pumunta kayo, at kayo mismo ang sumaksi.

144 Sa paglalakad paikot nung bundok, siguro'y napag-usapan nila 'yung tungkol sa—sa nung minsan may pinuntahan sila't bumili ng ilang isda. Sabi niya, "Natatandaan mo pa ba 'yung matandang mangingisda na di man lang niya maisulat 'yung pangalan niya sa resibo, 'yung matandang mangingisda?"

"Oo, natatandaan ko siya. Si Simon."

145 "Buweno, nung lumapit siya mismo sa Presensya nung—nung ano . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . may hawak ng Buhay na Walang Hanggan, aba, sabi Niya sa mangingisdang 'yun, habang tumitingin Siya roon sa paligid, at sabi Niya, 'Ang pangalan mo'y Simon, at ika'y anak ni Jonas.'" Kita n'yo? At sabi nung mangingisdang 'yun, "Alam Mo naituro sa amin ng aming tagapamuno na nag-iwan ng salitang ito, na sa huling mga araw na ito, sa amin, 'ay darating ang isang Propeta,' na palilitawin ng Panginoon sa gitna namin."

"Oh," sabi nung lalaki, "Parang di ko 'yan mapaniwalaan. Kinakailangan kong pumunta't ako mismo ang titingin."

146 At paglapit na paglapit niya dun sa mga tagapakinig; hindi kritiko. Ngayon umaasa akong sa ganung motibo kayo dumalo rito, ngayong umaga; hindi 'yung maging kritiko, na pupunta lang dito para tingnan kung tama ba, o hindi. Lumapit siya sa mga tagapakinig, tumayo-tayo muna siya dun. At paglapit na paglapit nga niya, masdan n'yo ang Pinagmumulan ng Buhay na Walang Hanggan na ito, at ang tanging Pinagmumulan; Siya ay bumaling at tumingin sa kanya, at sabi Niya, "Narito, heto ang isang Israelita na sa kanya'y walang daya."

147 Sabi niya, "Rabi," ganitong-ganito 'yung pagkakasabi niya, "kailan Mo ako nakilala? Hindi pa Kita nakikita kahit kailan, at hindi Mo pa ako nakikita kahit kailan. Papaanong may alam Ka tungkol sa akin?"

148 "Siyanga," sabi Niya, "bago ka tinawag ni Felipe, noong nasa ilalim ka ng punongkahoy, ay nakita na Kita." Nung isang araw pa 'yun, at labinlimang milya paikot sa bundok ang layo.

149 Ano na? Namuhunan siya agad sa garantiya. Nagpatirapa siya sa Kanyang paanan; itong matigas na lalaking ito, isang kaanib ng iglesya. Napakalaki nga ng pagkakaiba sa pagitan niya at nung mayamang binatang negosyante! "Rabi, Ikaw ang Anak ng Diyos! Ikaw ang Hari ng Israel!" Kaagad-agad siyang kumuha ng garantiya.

150 Papaano naman 'yung munting babae sa may balon? Mga Hudyo ang mga ito; dumako naman tayo sa mga taga-Samaria.

151 At ngayon narito na tayo sa mga Gentil. Ang mga Hudyo at mga Samaritano'y naghihintay noon para sa Mesiyas; hindi ang mga Gentil. Sumasamba pa tayo noon sa mga diyus-diyosan. Mga Romano at mga Griyego, at anuman tayo, doon tayo sa mga diyus-diyosan pa noon sumasamba. Pero ang mga Hudyo'y naghihintay na noon para sa Mesiyas, at maging ang—ang mga Samaritano rin, at nalaman nga natin na inihahayag lamang ng Mesiyas ang Kanyang Sarili sa mga naghihintay lang sa Kanya. Kung naparito kayo ngayong umaga, na naghihintay sa Kanya, ay Kanyang ihahayag ang Kanyang Sarili. Kung hindi, ay hindi nga Siya maghahayag. "Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

152 Haya't naghihintay noon ang mga Samaritano. At patungo Siya noon sa Jericho, pero kailangan Niya munang dumaan noon sa Samaria. At habang nakaupo sa pintuang-bayan ng siyudad na 'yun, ng Sicar, nalaman nating umalis muna ang Kanyang mga alagad para bumili ng makakain. At naiwan Siya roong mag-isa.

153 At isang—isang munting binibini, isang munting babae, at isa siyang babaing masama ang reputasyon, wala rin siyang kapera-pera. Di siya tulad nung mayamang binatang pinuno. Haya't paparating nga siya, ang tanging bagay na alam nating mayroon siya, may lumang banga siyang pang-igib, at inilapag

niya ’yun sa baba at handa na siya noong ibaba ’yung panalok sa balon, upang sumalok ng tubig.

154 At sumulyap siya sa gilid niya, sa magandang tanawin dun, at may nakaupo roong isang Lalaki, isang Hudyo, na mukhang nasa, palagay ko. . . Sabi ng Biblia, “Lalaki Ka na wala pang limampung taon.” Sa palagay ko’y mukha na siyang limampu noon, kahit nasa trenta pa lang siya noon. At hindi kaugalian para sa mga Hudyo na makisama sa mga taga-Samaria, dahil may segregasyon noon.

Tapos sabi Niya, “Dalhan mo Ako ng maiinom,” tinatalos ’yung espiritu nung babae.

155 Sabi nung babae, “Buweno, hindi kaugalian para sa inyong mga Hudyo na humingi n’yan sa isang babaing Samaritana.”

156 “Ngunit,” sabi, “kung napagkikilala mo lamang kung Sino ang sa iyo’y nagsasabi!” At natalos Niya ’yung espiritu nung babae, at ang sabi Niya, “Humayo ka’t sunduin mo ang iyong asawa at pumarito ka.”

Sabi nito, “Wala akong asawa.”

157 Sabi Niya, “Mabuti ang pagkasabi mo, sapagkat nagkaroon ka na ng lima, at ang kinakasama mo ngayon ay hindi mo nga asawa.”

Natigilan siya. Ano ’yun? Sabi niya, “Ginoo!”

158 Tanda n’yo pa ba ’yung mga Fariseo, mga ilang araw bago ’yun? Nasaksihan naman nila si Jesus na ipinapakita ang tanda ng pagka-Mesiyas, na Siya ang Propetang ’yun na sinasabing darating, at ang sabi naman nila, “Isa Siyang espiritista. Siya si Beelzebub, prinsipe ng mga diyablo, isa ngang manghuhula.” Kailangan kasi nilang ipaliwanag ’yun sa kongregasyon nila, ’yung mga gawang ginawa roon. Kailangan kasi nilang tayuan ang sarili sa harap nung kongregasyon. Talagang nagawa ang mga gawang ’yun, hindi nila ’yun maitatanggi. Pero sabi nila, “Isa ’yung masamang espiritu.”

159 Sinabi ni Jesus, “Aking pinatatawad kayo,” hindi pa noon pinapatay ang Cordero. “Datapwat kapag dumating na ang Espiritu Santo para gawin ang siya ring mga bagay, anumang kapusungan laban Dito ay hindi ipatatawad,” kita n’yo, kita n’yo, haya’t nasumpungan natin sila sa ganoong kalagayan.

160 At ang munting babaing ito’y isang hamak lamang. Hindi na siya siguro noon tinatanggap ng simbahan, pero marami na rin siyang natutunan doon. Dahil, sa kaibuturan ng kanyang puso’y may nakahimlay roon na isang binhi, Buhay na Walang Hanggan; “ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin.” At nung pagtama na pagtama nung Liwanag sa kanya, hindi niya Ito tinawag na diyablo. Tingnan n’yo ang kaibhan sa pagitan nung babaing ’yun at nung mga ministro. Ang sabi niya, “Ginoo, napaghahalata kong Ikaw ay isang Propeta! Nalaman

namin na sa pagparito ng Mesiyas, gagawin Niya ang ganyang mga bagay. Naghihintay kami para sa isang Mesiyas. Hindi pa kami nagkakaroon ng propeta sa loob ng daan-daang taon. Pero ang pinuno naming, si Moises, sinabi niya sa aming may lilitaw na isang Propeta sa huling mga araw, at Siya ang Mesiyas," na ang ibig sabihin ay Yaong *pinahiran*, pinahiran.

161 Siya ang Salita. Ang Diyos ang Salita, at nakay Cristo. At sinabi ng Biblia na, "Ang Salita ng Diyos, ang Salita, ay mas buhay, mabisa, at matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim," Mga Hebreo 4, "bumabaon hanggang sa paghihiwalay, ng utak ng buto, at madaling Kumilala ng mga pag-iisip at ng mga hakang nasa puso." Yun ang dahilan kung bakit titingin lang Siya sa kanila at matatalos na agad kung tungkol saan ang iniisip nila, sapagkat Siya nga ang Salita. Siya ang Buhay. Siya ang Salitang 'yun hanggang ngayon, at Siya ang Buhay na 'yun hanggang ngayon. At natatalos nga Niya! Yun pa rin ang ginagawa Niya. Ngayon nakita natin . . .

162 [Isang kapatid na babae ang nagsasalita ng marubdob na tagubilin, sa kongregasyon—Pat.] Amen. Purihin ang Pangalan ng Panginoon, para sa Kanyang mensahe rito.

163 Oh, 'yung garantiya ng Buhay na 'yun! Buhay! Buhay, ang pinaka dakilang bagay kailanman ay Buhay. At may iisa lang na anyo ng Buhay na Walang Hanggan, at 'yun ay ang Diyos.

164 Ngayon masdan n'yo 'yung munting babae, nung nahayag na 'yung propesiya, mayroon nga siyang bangang lalagyan ng tubig sa kamay niya. Pero mayroon din siyang banga sa puso niya. Sabi niya, "Napaghahalata kong Ikaw ay isang Propeta, at alam naming pagparito ng Mesiyas, ay Kanya ngang—ngang gagawin ang mga bagay na ito. Ganyan na ganyan ang gagawin Niya. Iyan ang sa Kanya'y magpapatibay na tanda. Siya 'yung Salita na 'yun, na kikilala. At Iyong binasa ang mismong puso ko't hinayag sa akin. Sino Ka baga?"

At sabi ni Jesus, "Ako nga Siya."

165 Pagkatapos *itong* bangang lalagyan ng tubig dito'y iniwan lang dun, pero *itong* isa'y napuno, at kinuha niya ang garantiya ng Buhay na Walang Hanggan. Sabi Niya, "Ang mga tubig na ibibigay Ko ay Buhay na Walang Hanggan, na nag-uumapaw, at bumubukal sa puso."

166 At hindi nga siya makapagpigil na manatili na lamang dun, ninais din niyang magkaroon ng garantiya ang mga kababayan niya, at sa bayan ay nagtungo nga siya. Kung tutuusin, wala siyang karapatang gawin 'yun, isa kasi siyang babaing masama ang reputasyon. Kayong mga kalalakiha't mga nagmi-misyon alam n'yo na sa Silangan kahit nga hanggang ngayon . . . Hindi talaga siya pakikinggan nung mga tao. Ngunit, sila, papaano nila matatakasan 'yun? Punung-puno siya ng Buhay na Walang Hanggan. Kinakailangan nilang makinig talaga sa kanya. Gaya

ng isang bahay na nasusunog, sa isang tuyo't mahanging araw, hindi mo 'yun maaapula. Nagtungo nga siya roon! At di lang 'yun, kung hindi siya napunuan, hindi makikinig ang mga tao roon sa kanya. Pero haya't may isang bagay na positibo siyang nalaman. At nalaman natin, sinabi sa kanila... "Magsiparito kayo, tingnan n'yo ang isang Lalaking nagsabi sa akin ng mga bagay na ginawa ko. Mangyari kayang iyon na ang Mesiyas?"

167 At kanilang dadalhin pa sana Siya sa bayan. Hindi na Niya ginawa 'yun, pero sinampalatayanan pa rin ng mga tao 'yung patotoo nung babae. At nagsisampalataya silang lahat doon sa Panginoong Jesus.

168 Bilisan na natin ngayon, haya't nais ko—ko sanang humingi ng pasensya dahil pinapanatili ko kayo rito nang matagal. Pero kung mapagbibigyan n'yo pa ako...kaunting sandali na lang ito, may isang bagay ako rito na nais kong sabihin. Pansinin.

169 Si Nicodemo ay isang dakilang tao, at isang relihiyosong tao. Isa siyang nakaka-angat, tagapamuno sa gitna ng kanyang bayan, isang kilalang tao.

170 Parang si Simeon, na saserdote, nung panahong ipanganak ang Panginoong Jesus. Pinangakuan, ng Espiritu Santo, na di niya makikita ang kamatayan hanggang sa makita niya muna ang pagliligtas ng Panginoon; mangyari ngang pinangunahan siya ng Espiritu, na magtungo dun sa silid, upang pagpalain ang Sanggol.

171 Maging si Ana, na propetisa, bulag, naroon lang sa sulok, hindi umaalis, araw at gabi; mangyari ngang nung mga sandali ring 'yun, walang nagsabi sa kanila, pinangunahan ng Espiritu Santo, ang babaing bulag na 'yun sa karamihan ng mga taong naroon, at tumayo siya sa tabi Niya, at pinuri ang Diyos para sa Kanya. At ang babaing 'yun ay bulag sa pisikal, nasa isang masamang kalagayan; samantalang may mga tao rito sa New York, ngayong umaga, na mas bulag pa kaysa sa babaing 'yun, at nakakakita naman sa parehong mata. Pero pinangunahan nga siya ng Espiritu, inakay siya ng Espiritu ng Buhay patungo sa bukal doon ng Buhay.

172 Mangyari kasing may pagkauhaw kayo para Roon, kaya siguradong naroon lang ang Bukal na 'yan kung saanman. Sabi ni David, "Ang kalaliman, kapag tumawag sa Kalaliman, may Kalaliman nga muna roon na tutugon sa pagtawag na 'yun." Sa madaling sabi, bago pa man magkaroon ng palikpik sa likod ng isda, kinailangang may tubig muna para mapaglanguyan niya, kung wala'y hindi sana niya magagamit ang palikpik na 'yun. Bago pa man magkaroon ng punongkahoy na tutubo sa lupa, kinailangan munang may lupang nauna para mapagtubuan, kung wala'y wala sanang puno. At nakikita n'yo naman siguro kung ano ang sinisikap kong sabihin dito, na kung may ano nga...Dahil may pagkagutom sa inyo, ngayong umaga, dahil

may pagkauhaw sa mga tao, ipinapakita lang n'yan na may bukal talaga ng Buhay na bukas kung saanman, kita n'yo, na dahilan kung bakit tumutugon kayo Roon. Kinailangang may Kalaliman munang nauna roon, upang tumugon sa kalalimang tumatawag, kita n'yo, dahil kung wala'y walang pagtawag sana roon.

173 Yan ang dahilan kung bakit ang mga tao'y nagsisipuntahan para makianib sa iglesya at ayos na basta makapagpalista sila ng pangalan dun sa aklat ng pagdalo, sa halip na dapat sana'y maipanganak silang muli, magsisikuha ng garantiyang 'yun ng Buhay. Tapos mangangahas pa silang pahupain ang mga banal na pagtawag sa kanila, sa pamamagitan ng paninigarilyo, pag-inom ng alak, at—at pagsusugal, at pagpuslit, para gumawa ng imoral. Kita n'yo 'yan? Huwag na huwag kayong mangahas na pahupain ang banal na pagtawag na 'yan ng Diyos, na inilagay riyan ng Diyos upang kauhawan Siya! Wala kayong karapatan.

174 May bagay po ako rito para sa inyo, ngayong umaga, itong Buhay nga. Ito ang dapat n'yong naisin. Itong Buhay.

175 At 'yang binaluktot na buhay na 'yan. Kamatayan 'yan. Yung pagkalugmok sa ganoong kalagayan ang sinasabi nga ng Biblia na, "Ang nagpapakabuyo sa kalayawan bagama't buhay ay patay." Kita n'yo? Kaya hindi kayo maaaring mabuhay sa makamundong mga layaw na 'yan at magtaglay nitong Walang Hanggang Buhay.

176 Tama po ang garantiyang 'yun, mga kaibigan. Kaya nga, si Nicodemo, sumadya talaga siya para mamuhunan. Gabi na siya noon nagpunta, pero natuklasan niyang lagi palang bukas ang bangko na 'yun. Siguro'y gabing-gabi na, pero bukas pa rin ito. Bukas nga ito, Siya'y, palagi, ang—ang bangkong ito'y laging bukas para makipag-transaksyon. At nasumpungan nga—nga niya ang Buhay na Walang Hanggan, sa pagpunta kay Jesus.

177 Ating usisain ang isa pang tao na lang, o dalawa. Talakayin natin 'yung Lucas 24:49. Nagsisampalataya na noon ang mga alagad sa Panginoong Jesus. At nung mga sandaling 'yun ay panahon na nung pangako, papalapit na noon. At kaya sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad, na may pinanghahawakan nang garantiya, na makakakuha na sila ng dibidendo para rito, pero kailangan muna nilang maghintay sa bayan ng Jerusalem hanggang sa makapunta Siya sa Punong Tanggapan at ipadala Ito sa kanila, hanggang sa maibalik dun ang tseke. Paakyat na Siya, Kanyang nilagdaan na 'yun ng Kanyang Sariling Dugo, at paakyat na Siya noon upang maipadala na ang kanilang mga dibidendo, pero kailangan muna nilang "maghintay-hintay" para sa kanilang mga dibidendo.

178 Ngayon, hindi nga sinabing, "Maghintay kayo nang limang minuto, at kung wala'y panghinaan na kayo ng loob." Kung may pananampalataya kayo sa Kanya na nakikipag-usap sa

inyo, at ang Diyos nga 'yan na nakikipag-usap sa inyo, ang sabi Niya, "Magsipanatili kayo hanggang sa," (gaano raw katagal? sanlinggo, sampung araw, limang araw, ano raw) "hanggang sa matanggap n'yo ang pakinabang, hanggang sa matanggap n'yo ang mga dibidendo. Sapagkat, narito, ipadadala Ko sa inyo ang pangako ng Aking Ama. Ngunit maghintay kayo roon sa bayan ng Jerusalem hanggang sa matanggap n'yo Ito, hanggang sa kayo'y—kayo'y masangkapan ng mga dibidendo galing sa Itaas, para sa inyong garantiya ng pananampalataya sa Akin."

179 Oh, kayong mga Baptist, kayong mga Methodist, kayong mga Presbyterian! Ayaw kong masabik, pero talagang napaka husto nito na kahit sino'y masasabik talaga. Bakit hindi n'yo hintayin lamang? Hawak n'yo ang garantiya, haya't may mga dibidendo Rito.

180 Sinabi ni Pablo, sa Mga Gawa 19, sa mga Baptist doon. Isa nga akong baptist, mismo, isa akong pentecostal baptist. Tapos ang sabi sa kanila, "Tinanggap baga ninyo ang Espiritu Santo mula nang kayo'y magsisampalataya?" Ngayon, ang itinuro nga noon sa atin ay matatanggap natin ang Espiritu Santo *kapag* nanampalataya tayo, ngunit sabi niya, "Tinanggap baga ninyo ang Espiritu Santo *mula nang* kayo'y magsisampalataya?"

181 Sabi nila, "Hindi namin alam na may Espiritu Santo."

Sabi niya, "Kung gayon sa ano kayo nabautismuhan?"

Sabi nila, "Nabautismuhan na kami."

182 Sabi niya, "Hindi na 'yan uubra." At nang marinig nila 'yun na . . . "Kailangan nga nilang manampalataya kay Jesus na darating." At nang kanilang marinig 'yun, ay nagpabautismo sila sa Pangalan ni Jesus Cristo. Pinatungan ni Pablo ng mga kamay sila, at bumaba sa kanila ang Espiritu Santo; at sila'y nagsipagsalita ng iba't ibang wika at niluwalhati ang Diyos.

183 Sinabi rin ni Pablo, doon sa isa pang kabanata, sabi niya, "Kahit—kahit isa mang Anghel mula sa Langit ang mangaral ng anumang Ebanghelyo na iba Rito sa narinig n'yo na aking ipinangaral, ay matakuwil, maging siya pa'y obispo, kardinal, anupaman siya." Oo! "Kahit isa mang Anghel mula sa Langit," kaya lalo na kung kardinal 'yan, o obispo, o mangangaral, "na mangangaral ng anumang iba rito sa garantiya ng Buhay na Walang Hanggan sa pamamagitan ni Jesus Cristo, siya nga'y matakuwil."

Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, nagagawi ka na sa pagiging . . . "

184 Alam ko kung saan na ako nakalagak, kita n'yo. Hindi ako nawawala. Alam ko kung saan ako nakalagak. Maaaring sabik na sabik ako, pero gaya ng sinabi ko rito noong isang gabi . . .

May nagsabi kasi, "Nababaliw ka na."

Sabi ko, "Buweno, hayaan mo lang akong ganito, kasi mas maigi pa nga ang pakiramdam ko kapag ganito kaysa kung nasa iba ako, haya't ako'y—ako'y may Buhay."

185 Sapagkat, Buhay ito! Oo't kamangmangan sa sanlibutan, pero sa aki'y dakila ito. Naligtas ako, gayong hindi ako noon ligtas. Taglay-taglay ko na sa akin ngayon ang pagkabuhay na mag-uli ni Cristo. At maraming iba pa na narito, mga kapatid, na batid ang Katotohanang 'yan; na taglay-taglay n'yo na Ito sa inyo, ang pagkabuhay na mag-uli! Oo.

186 Nagsipunta sila roon, sila na hawak na ang garantiyang ito, upang kamtin ang dibidendo. Oh, ang ganda! Mga kapatid sa pagmiministeryo, gawin natin 'yan ngayong umaga, kamtin natin ngayon ang mga dibidendo. "Ang pangako," ang sabi nga ni Pedro nung Araw ng Pentecostes, "ang pangako ay sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nangasa malayo, sa mga Gentil," pakinggan n'yo itong mabuti, mga kapatid, "maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos." At tiyak na tatawagin Niya ang bawat isa na nakalagay na ang kanilang pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Ang mga dibidendo, para sa lahat ito, oo, "Para sa inyo, at sa inyong mga anak, sa kanila na nangasa malayo." At 'yung interes nung garantiya ay bayad na, sa Araw ng Pentecostes.

187 Ngayon, ang mayamang binatang si Pablo 'yung nakatagpo niya ay Siya pa ring 'yun, dahil Siya ay nanatiling 'yun pa rin pagkatapos ng kamatayan Niya. Siya ay di nagbabago.

188 Si Saulo na taga-Tarso, isang lalaking sanay na, o sinanay nang mabuti upang maging iskolar; pasensya na po. At isa—isa siyang magaling na tao. Tinuruan siya ni Gamaliel, na isang dakilang gurong Hebreo. Mayaman ang mga magulang niya. Si Pablo ay mayaman ding maituturing. Nakakapagsalita siya ng marami-raming lingguwahe. Naging edukado siya. Pinangarap niyang maging—maging abogado; maging isa sa mga abogado, o saserdote, o may katungkulan sa . . . o isang abogado, pala, sa kanyang iglesya. Matalino, kabisado niya ang Salita. Mayaman siya, at may mga pangarap siya para sa kanyang sarili.

189 Nung marinig nga niya 'yung kung anu-anong gawain dun, ingay at hiyawan, at pagsasalita sa iba't ibang wika, ay, aba, naisip niya, "Nakakahiya 'yun, sa lipunan ng Jerusalem. Dapat na matigil 'yun." Kaya naman kumuha siya ng mga liham mula sa punong saserdote. Siya'y—siya'y maglilibot at magdadala ng pagwasak sa iglesya. Kaya nagtungo siya roon sa kardinal o sa obispo, o kung anuman ang ibig n'yong itawag sa kanya, sa punong saserdote, at kumuha ng liham mula sa kanya, inilagay niya 'yun sa dala-dala niyang bagahe't nagtungo ng Damasco.

190 Pero, nakikita n'yo nga, tila baga nasa iglesya ang lahat ng kapangyarihan, na taglay pa ang mga susi sa Kaharian, at ang lahat na nga, at pinili nila si Matias upang pumalit sa puwesto

ni Judas. Pero tingnan n'yo ang nagagawa ng maling pagpili ng tao. Walang nagawang kahit na ano ang pinili nilang 'yun. Isa naman talaga siyang mabuting tao. Walang duda na isa siyang mabuting tao. Wala ring dudang isa siyang lingkod ni Cristo na mapagpakumbaba. Pero, nakita n'yo, di 'yan nangangahulugan na 'yun ang pinili ng Diyos.

191 Pumili ang Diyos ng isang munting kritiko ng iglesya, isang munting Hudyong, patulis ang ilong, na napakabilis mag-init ng ulo na tatalunin pa 'yung pagngingitngit ng lagari, at siya ay . . . Naroon na nga, sa kanyang paglalakbay. Papunta na siya para dakpin 'yung mga holly-roller dun. Gagapusin niya sila. Tatalian niya sila. Nakakuha siya ng kapahintulutan mula sa kanyang obispo. Gagawin talaga niya.

192 At nung mga alas onse na nung araw na 'yun, nasubasob siya, habang may hawak-hawak na papeles sa kamay niya. At napatingala siya, at may nakita siyang Haliging Apoy. Alam n'yo, kailangan niyang—niyang makatiyak kung ano nga talaga Iyon. Hindi maloloko si Pablo na basta na lang siya sasamba sa diyus-diyosan o masasamang espiritu. Subalit dahil isa siyang Hudyo, nalalaman niyang ang Haliging Apoy na 'yun ay 'yung siya ring Haliging Apoy na nanguna sa Kanyang bayan noon palabas ng Egipto, at naroon nga Ito.

193 Noong narito pa si Jesus sa lupa, sabi Niya, "Nagbuhat Ako sa Diyos, at Ako'y paroroon sa Diyos." Pagkatapos ng Kanyang kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli, at pag-akyat; naroon nga uli Siya, nagbalik uli sa Diyos, ang Haliging Apoy na 'yun.

194 At sabi Niya, "Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig? May papeles ka sa kamay mo. Isa kang dakilang lalaki. Galing ka sa organisasyong ito, matatag na organisasyong maituturing at—at kinikilalang organisasyon sa bansa. May papeles ka sa kamay mo, ngunit mali ang ginagawa mo. Bakit mo Ako pinag-uusig?"

195 Masdan n'yo ang Hudyong 'yun sabi, "Panginoon!" Alam niya kung Sino Iyon. Hayan nga, ang siya ring Haliging Apoy na nanguna noon kay Moises at ngayon nakikipag-usap! Hindi siya nagkaroon ng pagkakataong makita kailanman si Jesus, kaya ang sabi niya, "Panginoon, Sino ka baga na aking pinag-uusig?"

At sabi Niya, "Ako si Jesus."

196 At doon sa kanyang likuran, alam n'yo, kanyang—kanyang pinagpupunit-punit 'yung papeles, at sabi niya, "Anong maaari kong gawin?"

197 Sabi Niya, "May isa Akong propeta roon, at ang pangalan niya'y Ananias. Ngayon pumaroon ka sa lansangang ang tawag ay 'Matuwid,' sasabihin niya sa iyo kung anong gagawin."

198 Pagkatapos nangusap ang Panginoon kay Ananias. At nung naroon na, sabi, "Kapatid na Saulo, ang Panginoong Jesus na

nagpakita sa iyo sa daan ay nais na makuha mo ang garantiya na ito, narito ako para maihatid ito sa iyo, sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ko sa iyo." Isa na siyang binagong tao pagkatapos. Masdan n'yo 'yung naging pagkakaiba. Yung naging. . . Kita n'yo?

199 Matapos na makita ni Pablo ang malinaw na pagpapatibay, na ang personang 'yun ay ang siya ring Personang 'yun. Ang Diyos at si Cristo ay iisang Persona. Hindi pala 'yun isang kahibangan, dahil nakita niya na ang Salita ay 'yung Haliging Apoy rin, na nagkatawang-tao, upang tumubos; at heto na uli 'yun na nagbalik, sa Haliging Apoy muli, na ang Diyos at si Cristo ay iisang Persona. At narito na nga Siya, at bumalik na bilang ang Espiritu Santo, gaya ng pagkakatawag dito ngayon, dahil nasa tao Siya dati. Nakita niya Ito na napakalinaw nga na ipinakilala, at—at pinagtibay. "Panginoon, anong ibig Mong ipagawa sa akin? Anong dapat kong gawin?" Ngayon, tandaan n'yo, isa 'yung relihiyosong tao, at isang negosyante. "Anong ibig Mong ipagawa sa akin?"

200 Napakalaki nga ng pagkakaiba sa pagitan nung binatang negosyanteng, mayaman, at itong isa pang kabataang lalaki, si Saulo. Unang-una, napakalaki ng halaga.

"Buweno," sasabihin n'yo, "Wala naman si Pablo na kahit ano noon na kailangan niyang bitiwan."

201 Nariyan ang kanyang iglesya, ang kanyang mga kapatiran. Naging pugante siya ng iglesya, pagkatapos nun. Kinailangan niyang tumakbo-takbo. At nung huli pa nga'y ang sarili niyang iglesya mismo ang kumitil sa buhay niya; pinatay nila siya. At nalaman natin, pinag-uusig siya sa bawat bayan at bayan na mapuntahan niya, at pinagbabato, na nung minsan nga'y halos ikamatay pa niya 'yun, at kung anu-ano pa; ng sarili niyang kapatiran. At sabi niya, "Dadalhin ko ang sumpa sa ganang kanila." Hindi niya sila kinamuhian. Nung matanggap niya ang Espiritu Santo, inibig niya sila. Ninais niyang iligtas sila. Kaya huwag n'yong idistansya ang mga sarili n'yo; pumaroon kayo sa kanila na 'yan. Si Pablo ay pinaging sumpa mismo; sapagkat ang Espiritu ni Cristo ang sumasa kanya, na naging sumpa at binitay sa isang punongkahoy para sa Sariling Kanya.

202 At nakita natin 'yung malaking pagkakaiba sa pagitan nitong binata, nitong mayamang pinuno, na negosyante, at ni Pablo.

203 Kinailangang bitiwan ni Pablo ang kanyang edukasyon, ang lahat ng teolohiya niya na natutunan niya, sa maraming-maraming taon ng pananaliksik at pagtuturo. Kinailangan nga niyang kalimutan ang lahat ng 'yun. Sinabi niya sa mga taga-Corinto, "Hindi ako napariyan sa inyo na may kagalingan, na matatayog na pananalita ng karunungan, upang ang inyong pananampalataya ay masalig sa karunungan ng tao. Kundi

napariyan ako sa inyo sa pamamagitan ng kapangyarihan at ng patotoo ng Banal na Espiritu."

204 Yan ang bagay na kailangan natin ngayon, mga kaibigan. Yan ang garantiya na tinutukoy ko. Hindi 'yang kung anong pag-anib sa iglesya, o pagpapatong ng kamay n'yo roon; wala naman akong anumang kontra riyan, ayos lang 'yan. Pero ibang panahon na ito, 'yun nga ang pinagsusumikapan kong ialok sa inyo. Yang pakikianib sa iglesya. . . Ang sinisikap ko lang sabihin sa inyo ay may garantiya nga at isang bukal na nakabukas para sa ikalilinis ng kasalanan at karumihan. Ano ba ang kasalanan? Di pananampalataya! Di pananampalataya sa ano? Sa Salita! "Ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na." Tama.

205 Pansinin n'yo 'yung padalos-dalos na pagpapasya. Katulad siya ng maraming mga tao ngayon, na sunud-sunuran lang sa opinyon ng nakararami, itong binata ngang ito. Tumalikod siya. Imbis na bigyan niya ng pagpapahalaga, ay nawaglit niya ang garantiyang para sa kanya sana. Ngayon magtatapos na tayo.

206 Ang nangyari ba, sa kanya'y, binalingan siya ng masamang kapalaran? Hindi. Nagtamasa siya ng magandang kapalaran. Nakita natin siya, nung sumunod na, na nagtamo siya ng mas marami pang salapi hanggang sa kinailangan niyang itayo muli ang mga kamalig niya. At sinabi pa nga niyang, "Kaluluwa, magpahingalay ka."

207 Ngayon nalaman natin, diyan, na hindi siya masamang tao. Kapag nagkakaroon sila ng baratilyo o kasiyahan sa simbahan, o parang ganun, may hahandusay na mapagpakumbabang-loob sa may pintuan niya, na isang may hawak na ng garantiya na tinanggihan niya; kanya ngang huhulugan pa sila ng kaunting mumo, at bibigyan siya ng kaunting kaloob para makapag-misyon, o parang ganun. Hindi siya masamang tao. Kita n'yo, naghuhulog pa nga siya ng mga mumo sa kanila na mga pinag-uusig. Sabi niya, "Oh, nakadalo naman ako sa isa sa kanilang mga pagtitipon, sa palagay ko'y ayos na 'yun. Wala naman akong masasabing anuman na laban sa mga taong naroon." Naghulog ng mangilan-ilang mumo, pero hindi 'yun umubra. At pagkatapos, dumating na rin ang oras ng pababayad niya.

208 At tandaan mo, kaibigan, ang oras ng pagbabayad ay siya namang darating sa iyo at sa akin. Darating ito sa ating lahat. Nais kong isipin n'yo 'yang maigi, habang papatapos na tayo.

209 Dumating ang oras ng kanyang pagbabayad, hayan na nga. Nagkaroon siya ng magarbong gawaing paglilibing, walang dudang ang mga dumalo't nagsalita roon ay mga ministrong may matataas na pagsasanay. Kahit nga, sa palagay ko, 'yung mga taga-bitbit nung ataul niya'y Christian Business Men pa nga. At napapunta niya 'yung mga sikat sa bansa, at marahil 'yung opisyal ng pamahalaan na tinaasan pa siya ng watawat bilang

pagpupugay. Lahat ng mga dignitaryo'y dumalo roon. At 'yung pastor, walang duda, o 'yung lalaki, pari, o sinuman na nangaral sa libing niya, ay nangaral ng—ng talaga namang marubdob na sermon na umantig sa damdamin ng mga naroon tungkol sa kadakilaan ng taong ito, "Maging sa mga dukha sa lansangan, ay nagbigay siya. Oh, ang kapatid natin ay nasa Langit na, ngayon."

210 Pero ang sabi ni Jesus, "Itinanaw niya ang kanyang mga mata sa impiyerno, at nakita 'yung may hawak ng garantiya ng Buhay na Walang Hanggan, naroon nga sa kalayuan at nasa sinapupunan ni Abraham, na tumahak na dun sa daan kasama ng ilang sa Panginoon ay kinamuhian."

211 Gaya nga ng sinabi noon ni Jesus, "Mapapalad kayo pagka kayo'y pinag-uusig ng mga tao," sa ika-5 kabanata ng Mateo, "at kayo'y pinagwiwikaan ng sari-saring masama na pawang kasinungalingan, dahil sa Aking Pangalan. Mapapalad nga ang mga mapagpakumbabang-loob sa Espiritu, sapagkat sa kanila ang Kaharian ng Langit. Mapapalad nga ang mga maaamo, sapagkat mamanahin nila ang lupa. At kayo ang may hawak ng garantiya ng Buhay na Walang Hanggan."

212 Gayong nanatili siyang miyembro ng iglesya, kita n'yo. Ngayon pansinin. Sasabihin n'yo, "Siya nga ba?" Oo. "Papaano mong mapatutunayan 'yan, mangangaral?"

213 Heto nga. Sabi niya, "Amang Abraham! Amang Abraham, ipinamamanhik ko sa iyo na isugo mo rito ang lalaking 'yan na may hawak ng garantiyang 'yan dito, na may dalang kahit kaunting tubig lang. Pinahihirapan ako ng mga alab dito."

214 Masdan n'yo si Abraham. "Anak," isang nagsasabing isa siyang Cristiano, isang naturingang mananampalataya, gaya ng maitatawag natin, kita n'yo, "nagkaroon ka ng pagkakataon noon. Inalok ka ng pagkakataon sa garantiya ng Buhay na Walang Hanggan, na magbibigay sana sa iyo ng katiyakan na makaparito, pero iyong—iyong tinanggihan Ito. Ayaw mo Itong kunin. At ngayon ang lalaking ito, dukha, pero tinanggap niya Ito. Ngayon siya'y inaaliw, at ikaw ngayon ang pobre."

215 Oh, huwag n'yo ngang hayaang mangyari ito sa inyo, mga kaibigan. Huwag, huwag. Huwag n'yong gagawin ang parehas na pagka-. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . paraan para magkaroon ng kasiguraduhan ay sa pamamagitan ni Cristo. Ng kasiguraduhang ito na ligtas kayo, na kayo'y may hawak na ng garantiyang ito. Ngayon, kung wala pa kayo nito, bakit di n'yo pa ito tanggapin?

216 Siguro'y iisipin n'yo, buweno, katulad ng sinasabi nitong binatang ito ngayong umaga, "Ako'y—ako'y nakapasok na sa ganito-ganyan at lahat . . . Isa akong mahusay na negosyante, at nirerespeto, at gayong mga bagay." Huwag kayong tumingin sa ganoon.

217 Isang kabataang manunugtog ang bumiyahe nito-nito lang patungo sa Rusya. Isa siyang mang-aawit. At siya'y nagustuhan nang—nang husto nung mga taga-Rusya. At nagsisipalakpakan ang lahat ng mga tao at patuloy sa palakpak, nung tumugtog na 'yung binata ng kanyang musika. At sila'y labis na nagalak, ipinadyak pa nila ang kanilang mga paa at pumalakpak, pero hindi pinansin nung binata ang lahat ng palakpakan. At kaya nagtaka sila kung bakit. Kaya marahil naisip nila, "Siguro'y hindi lang niya naunawaan," kaya ipinalakpak nilang muli ang kanilang mga kamay nang talagang napakalakas na, at pinuri siya. Sila'y. . . Siya'y napakahusay talaga sa ginawa niya. Pero napansin nila, siya—siya uli, ay di niya pinansin ang kanilang palakpakan. At napansin nilang palagi niyang itinatanaw ang kanyang mga mata sa balkonahe sa tuwina; tapos nalaman nila na, naroon pala 'yung maestro na nagsanay sa kanya. Hindi nga niya alintana kung anong sinasabi ng mga tao; nakatuon siya sa kung anong sasabihin ng maestro tungkol dun.

218 At sa palagay ko, sa oras na ito, mga kaibigan, sa halip na iliyad natin ang ating mga dibdib at sabihin, "Kasapi kami sa iglesya." Tumingala tayo at tingnan kung anong sasabihin ng Maestro tungkol dito. Kita n'yo?

219 Iyuko po natin ang ating mga ulo pansumandali. [Isang kapatid na lalaki ang nagsasalita sa ibang wika. Isang kapatid na babae naman ang nagbibigay ng pagsasalin—Pat.]

220 Habang nakayuko po ang ating mga ulo ngayon, nakayuko ang ating mga puso, paglaanan nga natin ito, nang kahit isang sandali lamang o dalawa. Iniisip ko, ngayong umaga, nang may buong katapatan ngayon, nang wala nang magpapatagal pa, pagbulay-bulayan natin ito pansumandali. Natamo mo na ba ang dakilang Pagpapalang ito? Nasa iyo na ba ang garantiyang ito ng Buhay, na ang Espiritu Santo ang siyang magpapatotoo na naisuko mo na ang iyong buhay kay Cristo, at nasa iyo na si Cristo?

221 Gaya ng nabanggit ko rito sa Mensahe; kung sumasaiyo si Beethoven, iyong gagawin ang mga gawa ni Beethoven, iyong ipamumuhay ang buhay ni Beethoven. Wala ka ngang ibang puwedeng gawin. Wala kang ibang puwedeng gawin kundi lumikha ng mga awit. At ika'y magiging dakilang manunulat, na si Beethoven, 'pagkat sumasaiyo siya. Magiging siya ikaw. Ikaw ay magiging isang Beethoven na napasaiyong laman.

222 At kung nasa inyo si Cristo, ang Buhay ni Cristo ang siyang magiging ikaw, na umiibig sa Salita. Walang makahahadlang at makapapalit sa lugar ng Salita, 'pagkat Siya ang Salita. Di nga Niya maitatanggi ang Sarili Niyang Salita at mananatiling Diyos pa rin.

223 At kung hindi n'yo pa tinatanggap si Cristo sa puso n'yo. Kaanib kayo sa iglesya. Ngayon, tunay nga, wala akong kahit

anong kontra sa iglesya, at kontra sa naglalakihang institusyon na mga ito at mga organisasyon, at mga sistema, pero akin lang sinisikap na ipaalam na di 'yan ang katugunan. Napatunayan ngang hindi 'yan ang katugunan. Si Cristo ang katugunan, ang Personang si Cristo. At kung hindi n'yo pa Siya tinatanggap sa buhay n'yo, ngayong umaga, at nais n'yong alalahanin namin kayo sa panalangin, iniisip ko po na dumulog kayo nang may pagpapakumbaba. Wala tayong puwesto rito para magtawag sa pagdulog sa altar. Pero, alam n'yo, kung kayo'y. . . Naniniwala akong maaari namang kahit tumayo na lamang po kayo, alam n'yo, at sabihing, "Ipanalangin mo ako," kahit diyan na mismo sa kinatatayuan n'yo, at ako'y maghahandog ng pananalangin. Kung sumasampalataya kayo na diringgin ng Diyos ang aking panalangin, ako—ako. . . at sinsiro kayo roon, ako'y naniniwala na diringgin nga ito ng Diyos.

224 At kayo po riyan sa mga bulwagan, at nagsisiksikan sa may pinto, at saan pa, kahit nasaan kayo ngayon, sa mga balkonahe, sa baitang ng mga hagdan, kung inyo lamang sasabihin, "Nais kong alalahanin ako ni Cristo ngayon, heto po at nais kong ang Buhay Niya ay sumaakin. Desidido na ako sa aking ikinikilos, ako'y—ako'y desidido nang talaga sa paraan ng pag-iisip ko at mga bagay na ginagawa ko, na nais kong maging tulad nun, subalit hindi pa ako humahantong sa kalagayang 'yun. Ako'y—ako'y talagang lubos na nagnanais na makamit ang garantiya na ito, Kapatid na Branham. Talagang, gusto ko Ito nang lubos. At iyong—iyong ipamanhik sa Kanya kung maaari ko na Itong matamo. Nakahanda na akong tanggapin Ito."

225 Maaari bang tumayo kayo, at para maipanalangin ko kayo? Sige po. . . At pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Sige po. Sige po, manatili lamang na nakatayo pansumandali. Manatili lang, na nakatayo. Sabihin n'yo, "Ako'y—ako'y interesado, Kapatid na Branham. Ako'y—ako'y may kaluluwa, at ako'y—ako'y darating sa puntong lilisan din ako. Maaari ngang ngayon na mismo ako lilisan, at anong kabutihan ang maidudulot nito sa akin kung hindi ako puspos nung Buhay na 'yun?" Pagkat, tandaan n'yo, anupaman 'yan na ibang buhay ay sigurado ngang maglalaho 'yan; may pasimula kasi 'yan.

226 Sasabihin n'yo, "Buweno, naging miyembro ako ng iglesya na ito, nang maraming taon." Napakainam n'yan. Natutuwa ako para riyan. Ngunit hindi 'yan ang tinutukoy ko ngayon.

227 Kayo nga ba'y may hawak na nitong Buhay na Walang Hanggan? Maari po ba kayong tumayo lamang, diyan sa mga balkonahe, sa may harapan, at sa kanan at kaliwa? Pagpalain kayo ng Diyos. Magsitayo po kayo.

228 Kayo po na mga nakatayo na sa bulwagan, kung maaari lamang na itaas n'yo po ang inyong mga kamay; para makilala

kayo, anuman yan na puwede n'yong gawin, anumang kilos na maaari n'yong gawin para mapagkilalang, "Tinanggap ko Ito, mismo, sa umagang ito." Pagpalain kayo ng Diyos. Sige.

229 At diyan sa mga hagdan at saanman kayo naroroon, itaas lamang n'yo ang inyong kamay at sabihin, "Alalahanin mo ako, Kapatid na Branham. Ako—Ako'y . . . Ako'y tunay ngang nag-aasam ng Buhay na Walang Hanggan."

230 Ngayon pagbulayan n'yo ito nang husto. Ito, ito na marahil ang oras na matatapos nang lahat ito. Aking—aking sinasabi ito nang talagang taos sa akin, mga kaibigan, ito'y Buhay sa akin. At aking—aking—aking nababatid na tama ito. Tama ito.

231 Mayroon pa bang ilan? Sa palagay ko'y mas marami ang nagtaas ng kanilang mga kamay kanina. Ngayon kung hindi pa kayo desidido, kung di naman mabigat para sa inyo, tumayo lamang po, at sabihin, "Alalahanin mo ako sa pananalangin mo, Kapatid na Branham, habang ika'y nananalangin." Sige. Ilan pa po ba? Tumayo lamang po kayo, kahit sino man kayo, tumayo lamang po at sabihin, "Ipanalangin mo ako, kapatid." Pagpalain ka ng Diyos. Nakikita kita, sa mga balkonahe at sa palibot. Ngayon 'yan na lamang po ba ang lahat na? Pagpalain kayo ng Diyos. Isa pang grupo ang tumayo ngayon. Mayroon pa bang ilan pa ngayon? Tumayo lamang kayo. Sabihin . . .

232 Ngayon alam kong atrasado na tayo, at pinutol tayo ng Espiritu Santo nang ilang beses. Buweno, napaka inam nga nun, nais nating gawin 'yun ng Espiritu Santo, kita n'yo, habang inihahatid Niya ang Kanyang Salita. Ipinakikita lang n'yan na hindi lang ito salita ko, kundi Kanya Ito, rin naman. Sige.

233 Ngayon magsitayo po tayo, kita n'yo, ang lahat ng hindi pa napupuspos ng Espiritu Santo, na batid n'yo sa sarili n'yo na wala pang patunay sa buhay n'yo na puspos kayo ng Espiritu Santo, at ninanais n'yo Ito.

234 Ngayon marahil kayo'y mabuti't, matapat na miyembro ng isang iglesya. At 'yan nga'y, oh, ikinagagalak ko 'yang, talaga. Magpatuloy lamang po kayo sa inyong iglesya. Siyanga. Dahil, ang mga natutulog na mga dalaga ay nangyayari na mismo, makikita n'yo po. At tandaan n'yo, sinabi ni Jesus, kapag 'yung natutulog na dalaga . . . 'yung nagsusumikap na makapamuhay ng kaaya-ayang pamumuhay sa kanilang mga sarili, sila'y mga dalaga, subalit wala silang Langis. Ang langis ay sumisimbolo sa Espiritu. Yan ang dahilan kung bakit nagpapahid tayo ng langis, kita n'yo. Ang langis ay sumisimbolo sa Espiritu. Sila'y mabubuting mga tao, mababait na tao, mga miyembro ng kay iinam na Methodist, Baptist, Lutheran, lahat na ng uri ng mga iglesya, subalit wala silang Langis.

235 At sila'y darating nga sa huling pagbabantay, sa Ikapitong Kapanahunan ng Iglesya, upang bumili ng Langis. At habang nasa proseso sila ng pagbili ng Langis, anong nangyari? Ang

Nobyo'y dumating. Ngayon, kababasa lang 'yun sa Kasulatan, kani-kanina, ng isang kahanga-hangang ministro rito. At hindi n'yo ba nakikita, nagkaroon na ba ng ganoong panahon sa mga panahong nagdaan, mga Pentecostal? Sa panahong nagdaan, ay hindi pa nagkaroon ng panahong ang Methodist, Baptist, at Presbyterian ay humihibik para sa Espiritu Santo gaya nitong ginagawa nila ngayon. Kita n'yo? At kapag 'yun na ang kanila ngang ginagawa, ano na 'yun? Darating na siya mismo! Iyon na ang oras ng Kanyang Pagparito. At habang sila, lahat ng mga kapatirang 'yun at mga iglesya'y nangagugutom na, haya't. . . Babangon ang dalagang ito, alam n'yo, sa huling Araw, sa Paghatol, sa Luklukang Puti; ngunit hindi ang Nobya.

236 Ngayon kung wala pa kayo nitong Langis sa inyong ilawan, habang ang mga pintuan ng biyaya, na umaasa akong, sa mga oras na ito'y nakabukas pa rin, maaari ba kayong tumayo, at sabihin, "Alalahanin mo ako, Kapatid na Branham." At kung gagawin n'yo 'yan, ipapahiwatig n'yan sa Diyos na, "Ako'y. . . Ang aking Langis ay—ay wala pa sa aking ilawan, Kapatid na Branham, ako'y—ako'y sumasampalataya kay Cristo. Totoo nga 'yan, ako nga. Napakahaba na ng panahon na ako'y miyembro. Pero ang sabihin na ang buhay ko'y puspos talaga ng kaibig-ibig na Espiritu Santong 'yun, at ang lahat ng bagay ay nabago, at isa na akong bagong nilalang, hindi ako ganoon, Kapatid na Branham. Ipanalangin mo ako." Pagpalain ka ng Diyos ngayon. Marami, marami ang nakatayo, sa mga balkonahe at sa lahat ng dako.

237 Ngayon hinihingi ko po sa mga kapatid natin dito sa pagmiministeryo, aking—aking minamahal na mga kapatid, na samahan n'yo akong manalangin ngayon habang nananalangin tayo, bawat isa sa inyo.

238 Papaano ka nga ba tumayo sa iyong kinatatayuan? Kita mo, ikaw ay isang buhay. May bagay ka sa loob mo. Kung walang buhay, hindi ka makakatayo. At ayon sa siyensiya, kita n'yo, hinihila kayo pababa ng hatak ng mundo. Subalit may—may espiritu na nasa iyo ang nagpasya, sa pamamagitan ng patotoo ng isa pang Espiritu, isang Buhay na nagsasabing "kailangan mo Ako," at tumayo ka nga. Sinuway mo ang mga batas ng kalikasan, sa pagtayo mo, bilang pagpapatotoo. Sabi ni Jesus, "Ang magpapatotoo sa Akin, samakatwid baga, sa harapan ng mga tao, ay ipatototoo Ko naman sa harap ng Aking Ama at ng mga banal na Anghel." Ngayon kakailanganin n'yo ang Banal na Espiritu.

239 Ngayon kung may mga nakatayo riyan malapit sa mga tao na ito na nagsitayo, at taglay n'yo ang bautismo ng Espiritu Santo, maaari n'yo po bang. . . hindi ko kasi sila kayang abutin lahat, wala na tayong oras. Diyan sa mga balkonahe, sa lahat ng dako, maaari ba kayong tumayo at ipatong ang inyong mga kamay sa kanila, kita n'yo, bilang pagkakakilanlan.

240 Alam n'yo, sila, noong nagtungo si Felipe upang mangaral sa mga taga-Samaria, di pa nila natatanggap noon ang Banal na Espiritu, kita n'yo. Sila lamang, ay binautismuhan ni Felipe sa Pangalan ni Jesus Cristo, pero hindi pa sa kanila bumababa ang Banal na Espiritu. At nagtungo roon sina Pedro at Felipe, o. . .sina Pedro at Juan sila'y nagtungo roon at nangaral, at pinatungan sila ng mga kamay, at dumating nga sa kanila ang Banal na Espiritu.

241 Ngayon kayong mga mananampalataya na nakatanggap na ng Banal na Espiritu, tingnan n'yo po kung may nakatayo, sa buong paligid n'yo, pagkatapos ay ipatong n'yo ang mga kamay n'yo sa kanila bilang pagpapahayag na mananampalataya nga kayo, hawakan n'yo po ang kanilang mga kamay o anuman habang nananalangin tayo. Huwag kayong mag-alinlangan. Manampalataya kayo ngayon. Hindi ito isang emosyon, ito ang katamisan ng Banal na Espiritu na nananaog at pinupuno ang bawat buhay rito. Ngayon sila'y nasa inyo nang mga kamay. Kinaugnay n'yo na sila. Gaya lamang kapag inilalagay n'yo ang inyong mga kamay. . .

242 Inilalagay ng Hudyo ang kanyang kamay sa hain, upang ikaugnay ang kanyang sarili sa hain. Isang araw ay ipinatong n'yo ang inyong mga kamay kay Jesus at ikinaugnay n'yo ang inyong sarili sa Hain. Ang Buhay ng Hain ay pumunta sa inyo. Na, aking ipangungusap marahil mamayang gabi sa simbahan, "ang Tanda," at ito'y nasa sa Inyo na ngayon.

243 At ikinaugnay n'yo na ang sarili n'yo sa lalaki o sa babaing nariyan na nagnanais sumampalataya. Tumayo tayo ngayon at ipatong ang inyong mga kamay sa kanila na mga nagnanais na makatanggap Nito. Siyanga. Pagpalain kayo ng Diyos. Napaka inam na sandali nga! Ngayon huwag kayong mag-alinlangan. Huwag kayong magmadali. Tandaan n'yo, ipanalangin n'yo ang taong 'yan.

244 At manalangin din kayo, siyanga, sabihin, "Panginoong Jesus, ang aba kong puso ay nagugutom. Nais Kita sa puso ko. Nais Kita sa buhay ko. Puspusin Mo ako, Panginoon. Narito na po akong, handa na."

245 Aming Makalangit na Ama, habang nakatayo ang marami, isinasagisag nila sa pamamagitan nito ang pagnanais nila ng Buhay. At dumarating lamang ang Buhay sa pamamagitan ng pagsunod kay Cristo. Siya ay Buhay. May pamantayan Siya na kailangan naming masapatan. At sa pamamagitan ng pagsapat sa pamantayang ito. . .Amin pong naiisip ngayon si Abraham, sumampalataya siya sa Diyos, at ito'y ibinilang na katuwiran sa kanya. At pagkatapos na ito'y maibilang na katuwiran sa kanya, ipinagkaloob ng Diyos sa kanya ang tanda ng pagtutuli, bilang patunay na tinanggap Niya ang pananampalataya niya. Marami sa mga taong narito ay sinasabi nga nilang may taglay silang

pananampalataya, subalit hindi pa sila natatatakan ng Banal na Espiritu. At sila ngayon ay nakatayo po, Panginoon, bilang pagkakakilanlan na nananampalataya talaga sila. Iyong tatakan na po sila ngayon, Panginoon, ng Banal na Espiritu. Bumaba nawa Ito sa kanila at tatakan ang bawat pusong narito ngayon. Nawa'y bumaba ang Banal na Espiritu sa bulwagang ito, sa mga oras ding ito.

At, Satanas, lumayas ka sa kanilang buhay, pakawalan mo sila.

246 At nawa ang kapangyarihan ni Jesus Cristo na nabuhay na mag-uli ay bumaba sa mga taong narito ngayon, at mapuspos nawa sila ng kapangyarihan at pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo. Amen.

*MGA PAMUMUHUNAN* TAG63-1116B
(Investments)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng umaga, Nobyembre 16, 1963, para sa agahang pagtitipon ng Full Gospel Business Men's International sa Statler Hotel sa New York, New York, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org